



NAGKAKAISANG IGLESYA METHODISTA

MGA PANGLIPUNANG PRINSIPYO

Pinagtibay ng 2024 General Conference na ginanap
sa Charlotte



Mga Prinsipyong Panlipunan Ng Nagkakaisang Metodista

MGA NILALAMAN

PAUNANG SALITA.....	1
PUNONG-SABI.....	3
PAMAYANAN NG LAHAT NG MGA NILIKHA	5
Paunang Salita	5
Nanganganib na Kalikasan	5
A. Pagkasira ng mga ‘Ecosystem’	5
B. Pag-init ng Atmospera ng Daigdig at Pagbabago ng Klima	6
C. Pagiging Palaasa sa Langis o Fossil Fuel	6
Pagiging Katiwala ng Sangnilikha	6
A. Pangkapaligirang Rasismo	7
B. Patakaran at Kasanayang Sustenable	7
C. Katarungan sa Pagkain	8
D. Pagkalinga sa Lahat ng Nilikha.....	8
E. Pangangalaga ng Kalawakan	9
F. Pagpapatotoo ng Agham at Mga Karununganang Tradisyonal.....	9
ANG PAMAYANANG PANGKABUHAYAN	11
Paunang Salita	11
Mga Hamon Pang-ekonomiya	11
A. Globalisasyon.....	11
B. Kahirapan at Di Pantay na Sweldo.....	12
C. ‘Human Trafficking’ at Pang-aalipin.....	12
D. Pagnanakaw sa Gobyerno, Panunuhol, at Korapsiyon.....	13
Pangkabuhayang Katarungan	13
A. Responsableng Konsyumerismo	13
B. Pagsasaka at Produksyong Agrikultural	14
C. Karangalan ng Pagtatrabaho	14
D. Sabbath at Oras ng Pagpapanumbalik-Lakas.....	15
E. Responsibilidad ng mga Korporasyon.....	15
ANG PAMAYANANG PANGLIPUNAN.....	17
Paunang Salita	17
Ang Mapagkalingang Pamayanan	17
A. Ang Pamilya	17
B. Mga Walang Asawa.....	18
C. Sekswalidad ng Tao	18
D. Pag-aasawa	18
1. Pagpapakasal sa mga Bata.....	18
2. Poligamya o Pag-aasawa nang Higit sa Isa	19
3. Diborsyo.....	19

Iba Pang Usaping Panglipunan.....	19
A. Pag-abuso sa mga ‘Substance’ tulad ng Alak at Tabako.....	19
B. ‘Bullying’ at Iba Pang Uri ng Karahasan	20
C. Kolonyalismo, Neo-Kolonyalismo at ang mga Epekto Nito	20
D. Kamatayang May Karangalan.....	21
1. Matapat na Pagkalinga sa Naghihingalo	21
2. ‘Euthanasia’ at Pagpapakamatay	22
E. Pagsusugal.....	22
F. Pagkakapantay-pantay at Pagkakaiba-iba ng Kasarian	23
G. Media at mga Teknolohiya ng Komunikasyon	23
H. Pornograpiya.....	24
I. Eksperimentong Medikal at Pananaliksik.....	24
J. Pagbibigay at Paglilipat ng mga Organ ng Katawan	24
K. Kalusugan ng Nag-aanak at Aborsyon o Pagpapalaglag	25
L. Rasismo, Etnosentrismo, at Tribalismo	26
M. Panggigipit na Sekswal, Pang-aabuso, at Pananakit	26

ANG PAMAYANANG PULITIKAL.....29

Paunang Salita	29
Mga Responsibilidad ng Pamahalaan	29
A. Simbahan at mga Pamahalaan	29
B. Sinasadyang Di-Pagsunod ng Sibilyan o ‘Civil Disobedience’	30
C. Katarungang Nagpapanumbalik.....	30
D. Parusang Kamatayan.....	30
E. Karaturungang Pang-kriminal.....	31
F. Digmaan at Serbisyo-Militar	32
Mga Batayang Karapatan at Kalayaan	33
A. Pangangalaga sa Kalusugan	33
B. Bata at Kabataan	34
C. Nakatatanda at Nagkakaedad.....	34
D. Kababaihan at Batang Babae	35
E. Kalalakihan at Batang Lalaki.....	35
F. Katutubo, Taal, at Naunang Tao.....	36
G. Migrante, Imigrante at Nanganganlong o ‘Refugee’	36
H. Taong May Kapansanan.....	37
I. Oryentasyong Sekswal at Pagkakakilala ng Kasarian.....	37
J. Minorya Dahil sa Religion	37

PAUNANG SALITA

Ang Nagkakaisang Iglesia Metodista o United Methodist Church (UMC), kabilang ang mga institusyong pinanggalingan nito, ay may matagal at mayamang kasaysayan ng pakikilahok sa mga isyung may kaugnayan sa katarungang panglipunan o “social justice.” Ang mga kasapi ng UMC ay laging malinaw na nagpapahayag ng kanilang posisyon tungkol sa mga kontrobersyal na isyung may kinalaman sa mga prinsipyong Kristiyano. Maliban sa mga gawaing nagpapakita ng kaniyang pagiging maawain, ang nagpasimula ng Metodismo na si John Wesley ay mahigpit na sumalungat sa mga pang-aabuso sa mga hayop, sa pagsasamantala sa mga mahihirap, at sa pagtrato sa mga tao bilang mga ari-arian lamang. Bilang pagsunod sa mga yapak ni Wesley, nagpahayag ang mga naunang Metodista ng kanila namang pagtutol sa pagkalakal sa mga tao bilang mga alipin, sa “smuggling,” at sa kalupitan sa mga bilanggo. Gayundin, matinding kinundena ng United Brethren ang pang-aalipin.

Noong 1908, ang The Methodist Episcopal Church (North), ang unang denominasyon na nagpatibay sa “Social Creed,” na pumansin sa pangangailangang magkaroon ng “pantay na karapatan at buong katarungan ng lahat ng mga tao anuman ang kalalagayan nila sa buhay.” Sa loob ng sumunod na dekada ay pinagtibay ng The Methodist Episcopal Church (South) at ng The Methodist Protestant Church ang iba pang singtulang na mga pahayag. Ipinagtibay naman ng Evangelical United Brethren Church ang “Social Principles” noong 1946, na panahon ding pinag-aaralan ang pagsasanib nito at ng The Evangelical Church. Noong 1972, apat na taon matapos mapag-isa ang The Methodist Church at ng The Evangelical United Brethren Church noong 1968, pinagtibay ng Pangkalahatang Kumperensya o General Conference ng The United Methodist Church ang bagong pahayag na nilalaman ng Social Principles, na nirebisa noong 1976 at sa bawat sumunod pang General Conference. Noong 2008, nagdagdag ang Pangkalahatang Kumperensya ng isang “companion litany.”

Ang Social Principles o Mga Prinsipyong Panlipunan ay hindi batas ng iglesia. Imbes, kinakatawan ng mga ito ang mga ipinanalangin at masusugid na pagpupunyagi ng General Conference na magpahayag ng saloobin nito sa kontemporaryong mundo mula sa matatag na pundasyong bibliikal at teolohikal na naaayon sa mga pinakamabuting tradisyon ng Nagkakaisang Iglesia Metodista. Samakatuwid, ang Social Principles ay isang panawagan na mapatatag ang ating katapatan at panglipunang tipan at naglalayong makapagturo at makapaghimok sa pinakamainam na paraan sa diwa ng propesiya. Gayundin, hinahamon ng mga ito ang lahat ng kasapi ng Nagkakaisang Iglesia Metodista na makipagnilay at pasiglahin ang intensyunal na dayalogo sa pagitan ng pananampalataya at paggawa. (Basahin ang Para. 509 ng Book of Discipline.)

Ang mga Mga Prinsipyong Panlipunan ay isang kasulatang buhay. Bilang pagkilala sa mga mahahalagang pagbabago na nangyari sa Ang Nagkakaisang Iglesia Metodista sa loob ng nakaraang 50 taon, kabilang na ang mga malaking pag-unlad ng mga gawain sa Africa, Europa, at Pilipinas, inilabas na mandato ng 2012 General Conference na rebisahan ang Social Principles upang madagdagan ang saligang teolohikal, mapaikli at mapalinaw, at mailahad ang pandaigdigang kabuluhan nito. Upang ito’y maisagawa, pinangunahan ng General Board of Church and Society ang pagkalap ng mga input at mga opinyon sa pamamagitan ng mga pagsangguni o konsultasyon na isinagawa sa bawat isa sa limang hurisdiksiyon ng Estados Unidos at karamihan ng mga Kumperensya Sentral o Central Conferences. Ang unang draft ng nirebisang Social Principles ay nabuo ng anim na pangkat ng mga manunulat na kumakatawan sa malawak na pagkakaiba-iba ng simbahan. Matapos ito, kinumpleto ng Editorial Revision Team ang mga karagdagang draft ayon sa mga puna na natanggap sa pamamagitan ng mga online survey, malawakang konsultasyon sa mga kumperensya anwal at sentral, at mga komento na kinalap mula sa mga iskolar ng iglesia, mga obispo, mga institusyong pangsimbahan, at mga lider sa loob ng denominasyon.

Espesyal na talang pang-editorial

Sa buong dokumento ng Social Principles, ang salitang “tayo” ay tumutukoy partikular sa Pangkalahatang Kumperensya o General Conference at, sa mas malawak na kahulugan ay, sa mga kasapi ng Ang Nagkakaisang Iglesya Metodista. Maliban kung ito ay binanggit, ang salitang “simbahan” ay tumutukoy partikular sa The United Methodist Church imbes na sa, halimbawa, “Simbahang Unibersal.”

PUNONG-SABI

Tayo, ang mga tinatawag na United Methodist, ay tumitindig sa ating pananampalataya sa buhay na Diyos na lumalang sa lahat na naririto na tinawag Niyang “mabuti,” at lumikha ng tao sa sariling wangis Niya. Nagpapasalamat tayo na ipinagkalooob sa atin si Jesu-Cristo, ang nagkatawang-taong pag-ibig ng Diyos at ating Tagapagligtas, na tumubos at naghilom sa ating nasirang relasyon sa Diyos. Naniniwala tayo sa mga pagkilos ng Espiritu Santo, sa pagbabago nito sa buhay ng mga tao, at ang buong sansinukob. Gayundin, ipinapahayag natin ang ating pananampalataya na ang kaawaan ng Diyos ay para sa lahat at “...ang kamatayan, ang buhay, ang mga anghel, ang mga pamunuan, ang mga bagay na kasalukuyan, ang mga bagay na darating, ang mga kapangyarihan, ang kataasan, ang kalaliman, o ang alin mang nilalang” (Mga Taga-Roma 8:38-39).

Sa simula pa lamang ay tinawag na tayo ng Diyos sa isang kasunduan, nakagapos sa Diyos, sa isa’t isa, at sa kamangha-manghang daigdig na nilikha Niya. Tinawag tayo ng Diyos na mamuhay nang may pag-ibig sa loob ng mga relasyong ito at maging katiwala ng mundong nilikha ng Diyos, upang pagyamanin ang hardin ng Diyos. Habang ating tinutupad ang ating bahagi sa pangangalaga sa kalikasan, binibigyang daan din natin ang iba’t ibang bahagi nito na isagawa nila ang kani-kanilang natatanging papel sa ugnayan ayon sa kasunduan sa Diyos (Gen. 2:7-15). Ayon sa kautusan ni Hesus, kailangan nating mahalin ang isa’t isa “... na kung paanong inibig ko kayo, gayon din naman, mag-ibigan kayo. Kung kayo’y mag-ibigan, makikilala ng lahat na kayo’y alagad ko.” (Juan 13:34-35)

Tayo na nilikha sa imahe ng Diyos upang mamuhay sa ilalim ng kasunduan sa Diyos at sa daigdig ay nagbibigay-galang sa dignidad ng lahat ng nilikha at ipinagtitiyag ang kabutihan ng buhay. Dahil alam natin na tayo ay nabibiyayaan ng Diyos, tinatanggap natin na tayo’y nagkasala. Nabigo tayong ibigin ang Diyos nang buong puso, kaluluwa, isipan, at kalakasan, gayundin ang mahalin ang ating mga kapwa na tulad ng ating sarili. Nakilahok tayo sa mga di-makatarungan at makapanirang-buhay na mga sistema ng lipunan. Hindi tayo naging matapat bilang mga katiwala ng sangnilikha ng Diyos, ni hindi natin pinahalagahan ang papel na ginagampanan ng bawat bahagi ng sangnilikha upang maging mayabong ang mundong ginawa ng Diyos. Dagdag dito, hindi natin sinusunod ang utos ni Hesu-Cristo na ibahagi ang nag-uumapaw na pag-ibig at paglilingkod sa mga “maliliit na ito” (Mat. 25:45). Isinarado natin ang ating sarili sa diwa ng Diyos na pumapatnubay sa atin sa ating pang-araw-araw na interaksyon sa mga kapwa at sa daigdig. Hindi natin naabot ang pamantayan; gayunpaman ay patuloy tayong iniibig ng Diyos.

Nagpapasalamat tayo sa mapagpatawad at banal na pag-ibig ng Diyos na inihandog sa atin at sa lahat at naglalapit sa atin sa perpektong pag-ibig. Sa biyaya ng Diyos, tayo ay tinawag na maging katulad ni Kristo, sa gayun nga ay maging maawain, makaturungan at mahabagin. Bilang pagtugon sa pagtawag na ito, sinisikap nating sumunod kay Hesus, na naghandog ng walang hanggang pag-ibig para sa lahat—ang mga bata, mga palaboy, mga isinumpa, at ang mga nagugulumihanan. Tinatawag ni Hesus ang lahat ng mga henerasyon sa buong-pusong pagdidisipulo: pagbubukas ng ating mga puso sa mga taong ating nakakasalamuha sa araw-araw; pagpapakita ng kahabagan sa ating mga kaanak at kapwa; pagkilala sa dignidad at kahalagahan ng lahat ng tao na malapit o malayo man sa atin; pagkilala sa mga sistemang sumisira sa buhay ng mga tao sa pamamagitan ng kahirapan, giyera at pagbubukod-bukod at paghihiwalay-walay sa isa’t isa, at pagtataguyod ng katarungan at pag-aaruga sa ating mga simbahan, pamayanan at mga istrakturang panglipunan. Tinatawag din tayo ng Diyos na maging katiwala ng kalikasan upang pangalagaan ang kalangitan at katubigan, ang kalupaan at mga halaman, at ang lahat ng nilikha.

Nagpapasalamat tayo sa mabuting handog ng Diyos, ang Iglesya Unibersal, at sa mga pagpapahalagang Kristiyano na kinakatawan ng tradisyong Wesleyan at sa Ang Nagkakaisang Iglesya Metodista. Tinatanggap natin na ang katawan ni Hesus ay may maraming bahagi

at ang bawat isa nito ay mahalaga. Dahil dito ay ginagalang natin ang pagkakaiba-iba ng nakapaloob sa katawan ni Hesus, kabilang na ang pagkakaiba-iba sa pagkakaintindi at mga ekspresyon ng pananampalataya, sa mga kaloob at mga nakagawian sa paglilingkod, at sa mga karanasan sa buhay na pinanday ng pinagmulang lahi, mga kultura, mga pamayanan, mga abilidad, gulang, oryentasyong sekswal, at kasarian. Pinaniniindigan natin ang ating paniniwalang hindi masusukat, ang kahalagahan ng isang indibidwal na hinandugan ng Diyos ng mga natatanging kaloob. Ipinagtitibay natin ang ating pangako na maging matapat na saksi ng Mabuting Balita sa ating pang-araw-araw na buhay at gawain at pagyamanin pa ang pagsaksi bilang iglesya.

Ang pagkakaiba-iba ay isang mahalagang handog at isang malaking hamon. Susubukin nito ang kapasidad ng simbahan na mamuhay at maglingkod nang may katapatan. Gayunman ay hinahamon ng Diyos ang simbahan sa isang mahirap at hindi biro-birong pagdidisipulo, na si Hesus bilang ating gabay at ang Banal na Espiritu bilang ating pang-araw-araw na kalakasan. Sa tulong ng Diyos, tinatanggap natin ang hamong sumunod sa mapaghamong pagkakatawag, ang “[m]aging makatarungan ka sa lahat ng bagay, patuloy mong ibigin ang iyong kapwa, at buong pagpapakumbabang sumunod sa iyong Diyos.” (Mik. 6:8). Patuloy na nagdudulot ng inspirasyon sa atin ang Pangkalahatang Kautusan ni John Wesley na maging matapat sa pag-uugaling hindi makapaminsala, paggawa ng mabuti, at pagsunod sa mga kautusan ng Diyos.¹ Kinikilala natin ang mga hamon sa simbahan na buong katapatan at may kaawaang pumaloob sa malalimang pakikinig, di-madaling pag-uusap-usap at pagbabahagi ng ministeryo, bagama’t hindi tayo sumasang-ayon sa lahat ng bagay.

Kinikilala natin na ang simbahan ay isang buhay na organismo na binubuo ng marami at iba’t ibang parte ng iisang komunidad ng mga tao. Sa gayon, ang pagkakasundo sa mga paniniwala, opinyon, at nakagawian ay hindi naging katangian ng simbahan sa simula’t simula pa lamang. Mula sa simula, tulad ng makikita sa Mabuting Balita, sa mga sulat ni Apostol Pablo, sa Mga Gawa ng mga Apostol, at iba pang teksto sa Bagong Tipan, isang katotohanang di matatatwa na iba’t iba ang pagkakaintindi at kontrobersiya sa maraming bagay. Kung gayon, sa mga pagkakataong may kapansin-pansing kaibahan sa mga opinyon ng mga Kristiyano, na ang ilan dito ay patuloy at malalim na pinaghahati ang simbahan maging sa ngayon, kinakailangang harapin ng mga Kristiyano na may matatapat na pananampalataya ang kanilang di-pagkakasundo maging ang kanilang kawalang pag-asa at hindi nila dapat itago ang pinagtatalunan sa pamamagitan ng mga kasunduan o pagkakaisang pagkukunwari lamang naman. Sa kabilang dako, kailangang yakapin ng simbahan ang mga di-pagkakasundo nang buong tapang at may pagsusumikap nang sabay nating mapagtanto ang kagustuhan ng Diyos. Sa ganitong pagkaunawa at pangako, isuko natin ang ating sarili sa pagkilala at pagtanggap nang buong tapang, pagtiwala, at pag-asa na ang sumusulpot na mga kontrobersiya, tanggapin ang mga ito bilang mga patunay na hindi pa tapos ang Diyos sa pagpampangay sa atin bilang mga anak Niya.

Tayo na kumikilala sa Diyos bilang ating Tagapaglikha, Tagapagligtas, at Tagapagpanatili ng Buhay, ay nagsisikap na isentro ng ating buhay at pagsaksi sa Diyos. Tiwala tayo na walang makapaghihiwalay sa atin mula sa biyaya ng Diyos, at ang panglipunang pagsaksi ng simbahan ay testimonyo ng biyayang ito. Sa tulong ng Diyos, nangangako tayo na ibabahagi natin ang paglilingkod sa ministeryo at igagalang ang dignidad ng bawat isa, bagama’t hindi tayo sumasang-ayon sa isa’t isa, upang matanto ang kaisipan ni Kristo, at sumunod sa kagustuhan ng Diyos sa lahat ng bagay.

¹“The General Rules of the Methodist Church: The Nature, Design, and General Rules of our United Societies,” *The Book of Discipline of The United Methodist Church* (Nashville: The Publishing House of The United Methodist Church, 2016).

PAMAYANAN NG LAHAT NG MGA NILIKHA

PAUNANG SALITA

"Ang dakilang aral na itinatanim sa ating isipan ng pinagpalang Panginoon ay... ang Diyos ay makikita sa lahat ng bagay, at dapat nating makita ang Manglikha sa repleksyon ng bawat nilalang; na hindi dapat gamitin at tingnan ang anuman na hiwalay sa Diyos... na lumalaganap at gumaganap sa buong nilikhang larawan, na sa tunay na pakahulugan, ay ang kaluluwa ng sangnilikha."²

Pinagtitiyay natin na ang buong nilikha ay pag-aari ng Diyos at isang pagpapahayag ng Kanyang kabutihan at kaloob na paglingap ng Diyos. Ang mga tao, mga hayop, mga halaman, at iba pang nakakaramdam o di-nakakaramdam na nilikha ay pawang kasali sa pamayanan ng mga nilikha, at ang kanilang pagyabong ay nakadepende kung paano natin inaala ang nilikha ng Diyos. Imbes na tratuhan ang sangnilikha na tila ba ito ay ginawa upang tanging ang sangkatauhan lamang ang may karapatang gumamit, tayo ay tinawag upang maging responsableng katiwala na namumuhay nang wastong relasyon sa Lumikha at sa buong nilikha ng Diyos. (Gen. 1:26-31; Mat. 6:26-30; Roma 8:22-24). Tinawag din tayo upang parangalan ang papel na ginagampanan ng bawat bahagi ng nilikha sa paggamot ng kabuuan; kumbaga'y pinupuri natin ang Diyos gayundin ang buong sangnilikha (Awit 148) at tinatanggap na tayo ay bahagi ng isang masasalimuot na ecosystem, na pawang pinapahalagahan ng Diyos.

Ipinagtitiyay natin ang banal na pagtawag sa atin upang maging responsableng katiwala at buong pagmamahal na bantayan ang lahat ng mga ginawa ng Diyos. Kinikilala natin ang likas na halaga ng mga likha ng Diyos, ipinagdiriwang ang kasaganahan at pagkakaiba-iba ng mga nilikha sa loob ng daigdig, at, kabilang na ang kabuuan ng kosmos, pinapupurihan ang Lumikha nito. Kinikilala natin na tayo ay magkakaugnay na bahagi ng masalimuot na ecosystem, pasikut-sikot na "web of life," na ang simula ng lahat ay mababakas sa mapagbiyayang pagkakalikha sa lahat.

NANGANGANIB NA KALIKASAN

Inaamin natin na ang mga mapanirang gawain ng mga tao ang naglagay sa panganib sa buong nilikha ng Diyos. Gayundin ay ikinukumpisal natin na ang pagkasira at malawakang pagkawasak ng likas na kapaligiran ay nagbabanta ng pinsala na wala pang kaparis at magdudulot ng kapahamakan sa mga tao at iba pang nilikhang nabubuhay sa mundo.

A. Pagkasira ng mga Ecosystem

Nabatatid man ito o hindi ng mga tao, tayo ay kalahok at nakikinabang sa masalimuot na mga likas na ecosystem na binubuo ng napakaraming relasyon sa pagitan ng mga nabubuhay na bagay tulad ng mga hayop, mga halaman, mga kulisap at maliliit na organismo, at ang pisikal na kapaligiran na kanilang kinalalagyan, kabilang na ang hangin, tubig, at lupa.

Ang sobra-sobrang pagkonsumo, mga patakarang hindi napag-isipang mabuti, at di-maayos na pamamahala sa likas na kapaligiran, at iba pang gawaing mapanira ay nagdulot ng nakapanlulumong epekto sa marupok at sensitibong likas na mga ecosystem na siyang pundasyon ng buhay. Madalas na tratuhan ng sangkatauhan ang daigdig na tila ba ito ay isang gamit na maaaring basta na lamang itapon matapos gamitin at pinapahintulutan nito ang pagpuksa sa ibang nabubuhay na organismo pati na ang kanilang mga likas na tirahan nang hindi nasusubaybayan. Gayunpaman, kadalasang hindi napapansin ang mga karanasan at mga pahayag ng mga taong pinakamalapit sa peligro.

²John Wesley, "Upon Our Lord's Sermon on the Mount,"

B. Pag-init ng Atmospera ng Daigdig at Pagbabago ng Klima

Ang pag-init ng atmospera ng daigdig at pagbabago ng klima nito ay lumilikha na ng mga sukdulang kondisyong nagbabanta sa pagkalipol ng buhay mismo sa daigdig. Sobra-sobrang industriyalisasyon, malawakang pagkasira ng kagubatan, at sobrang pagdepende sa langis o fossil fuel ay ilan lamang sa mga aktibidad ng mga tao na nag-aambag kaya naiipon ang mga “greenhouse gas” tulad ng carbon dioxide, methane, at nitrous oxide sa kalawakan.

Ang mabilis na pagtaas ng mga greenhouse gas nitong mga nakaraang dekada ay nagresulta na sa patuloy na pagtaas ng antas ng tubig-dagat, paglawak ng tinatawag na “acidification” ng mga karagatan ng mundo, pagdalas ng tagtuyot at taggutom, at ang pagtindi ng mga sukdulang insidente ng pabago-bagong klima.

C. Pagiging Palaasa sa Langis o Fossil Fuel

Ang pagsusunog ng “fossil fuel,” kabilang na ang karbon o uling, langis, at, sa mas mababang lebel, natural gas, ang maituturing na pinakamalaking sanhi sa pagbubuo ng mga greenhouse gas at ang epekto nitong pag-init ng atmospero ng daigdig. Upang magawang maibwelta ang direksyon ng kasalukuyang paglala ng pandaigdigang pagbabago ng klima, kailangang mamuhunan sa pagsasaliksik, pagpapaunlad, at distribusyon ng mga alternatibo sa fossil fuel, kabilang na ngunit hindi limitado sa, solar, hangin, geothermal, at mga imbensyong hydrogen-based na pinanggagalingan ng enerhiya.

Sa ating pagtataguyod sa mga alternatibo sa fossil fuel, mahalagang iwasang gumamit ng mga solusyong magpapalala lamang sa kasalukuyang problema o di kaya ay makalikha pa ng bago at di-inaasahang problema sa kapaligiran. Ang pagiging palaasa sa enerhiyang nukleyar, halimbawa, ay may kaakibat na mga isyu ng ligtas na sisidlan ng tinatawag na “radioactive waste.”

Kahalintulad nito, ang mga nakaraang mungkahi na bawasan ang greenhouse effect sa pamamagitan ng tinatawag na “geo-engineering” ng mga ecosystem o mga tirahan ng mga nilalang na buhay sa lupa, langit at katubigan ay may panganib na magdulot ng mga di-inaasahang resulta na makasisira sa balansya ng mga likas na ecosystem, kung saan nakadepende ang buhay sa mundo.

Hindi maiiwasang maapektuhan nang hindi maganda para sa mga indibidwal at pamayanan ang pagbabago mula sa pagiging sobrang pagkadepende sa mga fossil fuel sapagkat ang kanilang kabuhayan ay dito pa rin umaasa, partikular ang produksyon, pagbebenta, at distribusyon ng mga produkto nila. Hangga’t maaari, ang mga planong pagpapaunlad at pagdadala ng mga alternatibong pinagmumulan ng enerhiya ay dapat makababawas ng negatibong epekto sa kita ng mga tao sa pamamagitan ng pamumuhunan sa mga istratohiyang sumusuporta sa matagumpay na paglikha ng mga bagong trabaho, pagpapalakas ng mga panglipunang “safety net” kung sakaling mawalan ng trabaho at kita, ang pagbibigay ng mga oportunidad sa wastong edukasyon at paglikom ng mga bagong kasanayan.

PAGIGING KATIWALA NG SANGNILIKHA

Mababasa natin sa Genesis 1 na idineklara ng Diyos na mabuti ang Kanyang nilikha (Gen. 1:4, 10, 12, 18, 25, 31), at gayundin ay nabasa natin sa Genesis 2, “At kinuha ng Panginoong Dios ang lalake at inilagay sa halamanan ng Eden, upang kaniyang alagaan at ingatan.” (Gen. 2:15) Dahil mabuti ang nilikha ng Diyos at mahalaga ang bawat bahagi nito, kailangang igalang, pangalagaan, at pakalingapin ng mga tao ang sangnilikha at ang mga magkakakonektang aspeto nito.

A. Pangkapaligiran ng Rasismo

Inaamin natin na ang mga maralita at mga napabayaang sektor ng lipunan ang nakakaramdam ng mga pinakamatitinding negatibong epekto ng pagkawasak ng mundo. Kabilang sa kanila ang mga tribu ng mga natibo, mga pamayanang relihiyoso at etniko, mga nagdarahop, at iba pang grupo ng mga tao na walang kalaban-laban. Dahil dito, ipinangangako natin na ating lalabanan ang lahat ng uri ng pananamantala o maling paggamit ng kapaligiran, pagpapabaya nito, at kawalan ng katarungan. Ang mga naturang gawain ay nagdudulot ng pagpapahirap sa mga nagdarahop na pamayanan ang mga di-mauunlad na bansa gawa ng mga mapanganib na kapaligiran, polusyon mula sa mga industriya, mga pagbabasura ng toxic waste, at pagkadugyot ng mga siyudad. Tinututulan namin ang mga patakaran at gawain na nagpapababa sa estado sa mga nakaligtaang sektor at nagpapanatili sa kanila sa laylayan ng lipunan lamang at ipagwalang-bahala ang mga katutubo at iba pang pinagmumulan ng mga dunong ng karaniwang mga tao, na nagtuturo na kailangang bigyan ng napakataas na paggalang ang hangin, lupa at katubigan.

Dagdag dito, dumaranas ang mga grupong ito ng mas mataas na antas ng hika, kanser, mga depekto sa panganganak, at iba pang kondisyong medikal na nagagamot naman sana. Ang mga problemang pangkalusugang nabanggit ay may kaugnayan sa polusyon na dala ng iba't ibang kemikal sa lupa, katubigan, at hangin na nakakaapekto sa ating iniinom na tubig, pagkain, at pisikal na kapaligiran. Hinihimok natin ang mga gobyerno, mga negosyo, at mga samahang sibil na unahin ang pagpapalaganap ng mga oportunidad sa serbisyong makapag-iwas at makagagamot ng mga sakit na nabanggit.

Nananawagan tayo na patatagin ang mga prinsipyo, patakaran, at mga gawain na makatutulong sa kapaligiran. Pinaninindigan naming ang karunungan at kahalagahan ng mga katutubo at mga sektor na karaniwang isinasantabi lamang na hayaang sila mismo ang magdikta para sa kanilang sarili ng mga gawain at patakaran na pinakaepektibong makapagbibigay sa kanila ng mga batayang pangangailangan nila, kabilang na ang pagkain, tubig, matitirhan, at lupang hindi kontaminado ng mga “toxic waste.”

B. Patakaran at Kasanayang Sustainable

Ang pagiging sustainable ay mahalaga sa pagkakaroon ng mga patakaran at kasanayang mabuti para sa ekolohiya sapagkat ang mga ito ang nakapanunumbalik ng balanse ng likas na mundo at makapipigil sa mapanirang relasyon sa pagitan ng mga tao at mga nilikha ng Diyos.

Ang mga nabanggit na patakaran at kasanayan ay naglalayong makapagdulot ng mga pangangailangan ng mga tao samantalang nagtitiyak na lalago pa ang mga pangangailangan ng mga susunod na henerasyon. Unang pinapahalagahan ng mga patakaran at kasanayang nabanggit ang pangangalaga ng lahat ng uri ng nabubuhay na bagay at mga likas na mga ecosystem, habang sumusuporta sa sistema kung saan nabubuhay ang mga tao sa mundo nang matiwasa, malusog, at balansado.

Hinihimok natin ang mga Nagkakaisang Metodista na akuin ang mga sustainable na gawain, kabilang na ang pag-iwas sa sobra-sobrang pagkonsumo, paghahanap ng ibang mapagpagamitan ng mga lumang bagay, at “recycling” ng mga gamit habang inihiwasan ang pagbili ng mga produktong sanhi ng polusyon at makasisira sa kapaligiran at binabawasan ang “carbon footprints” ng mga tao at mga pamilya sa pamamagitan ng hindi gaanong pagdedepende sa fossil fuel na ginagamit sa paglikha ng init, sa transportasyon, at sa iba pang gamit.

Dahil alam natin na kung ang babaguhin lamang ay mga personal na nakagawian ay hindi sapat na bawiin ang deka-dekadang pagsira ng kapaligiran, sinusuportahan ng simbahan ang mga panglokal, pangrehiyon, pambansa, at pang-internasyonal na kooperasyon tungo sa pagwawasto ng mga kasalanan ng mga tao na nagdulot ng pagkasira ng kapaligiran sa pandaigdigang antas. Kabilang dapat sa pagpupunyaging ito ang pagsusulong at pagpapatupad ng mga patakaran at kasanayan na mangangalaga ng mga

nabubuhay at nakararamdam na bagay at pagpapalaganap ng isang sustainable na pag-unlad ng kabuhayan. Suportado natin ang responsableng pagkonsumo at madaliang aksyon upang masawata ang pag-init ng atmospera ng mundo at pagbabago ng klima.

C. Katarungan sa Pagkain

Kailangang-kailangan sa madaling panahon ang mga sustainable at makapaligirang sistema sa pagkain; dapat na ito'y nahihilig sa paggamit sa antas ng lokal, at makatarungang naipapamahagi ayon sa pangangailangan ng mga tao sa iba't ibang lugar. Iniendorso natin ang mga patakaran at kasanayan na nakadisensyo upang matiyak na abot-kaya ng lahat ang pagkakaroon ng malusog na mga pagkain at malinis na inuming-tubig, lalo na sa mga pamayanang nagdurusa dahil sa pagkasira ng kapaligiran o kaya'y nawalan ng mga kakayahang makagawa o makabili ng sarili nilang pagkain.

Pinagtitiyay sa sinusupportahan din natin ang kakayanang mag-produce ng mga sariling pagkain na makapagpapalaganap ng karapatan ng mga tao na makakain nang maayos at nababagay sa ating kultura, itinanim o inalagaan sa pamamaraang di-nakasisira sa ekolohiya at makapapanatili sa pagiging produktibo ng kapaligiran. Sinusuportahan natin ang lokal na pagkontrol sa paggawa ng pagkain, na ang kaakibat ay pagbibigay ng mga oportunidad sa mga pamayanang lokal na makasali nang seryosohan sa paggagawa ng mga desisyon kung anong mga hayop ang kanilang aalagan at kung anong mga halaman ang kanilang itatanim. Tinututulan natin ang mga patakaran at kasanayang pang-agrikultural na nagreresulta sa sitwasyong kung saan mismong mga manggagawang agrikultural at kanilang pamayanan ang hindi makatikim sa mga hayop na kanilang inalagaan at makakain ng mga halamang kanilang itinanim. Isinusulong natin ang mahigpit na pangangalaga sa mga karapatan ng mga katutubo sa kanilang mga lupa, pagkain, at katubigan.

Tinututulan natin ang pagpapa-patent sa binhi ng mga halaman at iba pang organismo na tradisyonal na ginagamit sa pagsasaka at agrikultura. Ang mabilis na pagpapalawak ng kasanayang pagpapa-patent ng mga buto ng halaman at paniningil sa mga magsasaka sa paggamit nito ay nagpapabawas sa access nila sa mga tradisyonal na pananim at nagpabaon sa utang sa mga magsasakang nagdedepende lamang sa maliliit nilang sakahan. Dahil dito, sinusuportahan natin ang mga kooperatiba at mga pagkilos upang libreng makakuha ng tradisyonal na mga binhi kung sino man ang nangangailangan ng mga ito.

Nanawagan kami ng paglikha ng mga patakaran na makakapagpabawas ng pamamaraan sa agrikultura na gumagamit ng carbon na siyang nagpapalala sa pagbago ng klima. Dapat maging responsable ang mga gumagawa ng mga produktong mula sa agrikultura sa masamang epekto ng food packaging, distribusyon, at transportasyon nito, gayundin ay dapat nilang tiyakin ang kaligtasan at kapakinabangan ng mga nagtatrabaho sa bukid at planta.

D. Pagkalinga sa Lahat ng Nilikha

Sinusuportahan natin ang magalang at makataong pagtrato sa mga hayop, na may napakaimportanteng papel na ginagampanan sa patuloy na proseso ng paglikha at ang kanilang likas na kahalagahan. Niyayakap natin ang katuruan sa Bibliya na may pananaw na darating ang araw na ang mga tao at iba pang nilikha ay mamumuhay nang tahimik at magkakasundo sa iisang sangsinukob na naibalik na sa orihinal nitong kalagayan. (Isa. 11:6)

Ang ibig sabihin ng pangakong tatratuhin nang may paggalang at sa makataong paraan ang mga hayop ay, halimbawa, paglalagay ng proteksyon upang tiyakin na ang mga hayop na gagamitin sa produksyon sa bukid o sa anumang klase ng pagtatrabaho ay hindi makararanas ng karahasan at pagmamalupit o pang-aabuso, gayundin ay nabibigyan ng sapat na pahinga at pagkain. Dagdag pa dito, tutol kami na pwersahang paglalaban-laban ng mga hayop.

Ang mga hayop na inalagaan upang makain ay kailangang ipinatitira sa isang lugar na maayos kung saan sila makapamumuhay nang malusog at may sapat na pagkain at tubig.

Ang mga ito ay dapat pinalalaki sa makataong kondisyon at kinakatay sa paraang hindi sila nakararanas ng gaanong sakit at paghihirap.

Sa kaso naman ng mga hayop na naninirahan sa gubat o karagatan, hinihiling natin ang nagkakaisang pagkilos ng mga institusyong internasyonal, mga gobyerno, mga grupong sibilyan, mga simbahan, at mga nagmamalasakit na mga indibiduwal o mga grupo na ipahinto na ang pangangaso nang walang pahintulot at pangalagaan ang mga nanganganib at walang-labang hayop o “endangered and vulnerable species” at panatilihin ang papaliit nang papaliit na tirahan nila. Kinokondena natin ang nangyayaring malawakang pagkawala ng mga ito at nananawagan tayo ng pagpapatibay ng mga patakaran at gawain na magpapalago sa buhay ng mga hayop at ng mga tao man.

E. Pangangalaga ng Kalawakan

Hindi lamang ang daigdig ang nilikha ng Diyos kundi pati ang buong kosmos, kabilang na ang kalawakan. Ang iniatang na responsibilidad sa atin bilang katiwala, kung gayon, ay hindi limitado sa kapaligirang nakikita ng mga mata ng tao kundi kasama ang ating sariling “solar system” pati na ang ibang “galaxy.” Dahil dito, hindi natin matatanggap ang eksploytasyon, komodipikasyon, at militarisasyon ng kalawakan. Ipinapahayag natin ang ating pag-asa na ang eksplorasyon at paninirahan sa kalawakan, kabilang ang buwan at mga planeta, ay mangyari nang mapayapa at may pagtutulungan, at sa isang paraan na ang kapakinabangan at mga yaman ng mga mangyayari pang eksplorasyon ay mapapakinabangan ng sangkatauhan.

F. Pagpapatotoo ng Agham at mga Tradisyonal na Kaalaman

Pinagtitibay natin ang kahalagahan ng agham at katuwiran upang maintindihan nang malaliman kung paano nagsimula at gumagalaw ang kosmos. Kinikilala rin natin na katulad ng gawain ng mga tao, maaaring magamit sa mali at maabuso ang siyensya. Sa gayon, hinihimok natin ang lahat ng sangkot sa siyentipikong pagsasaliksik na sumunod sa pinakamataas na pamantayang etikal.

Ipinagpapatibay din natin ang mga tradisyonal na kaalaman at katalinuhan ng mga katutubong pamayanan, lalo na’t dahil nagawa ng mga natibo o mga naunang nanirahan doon na mamuhay nang balansyado at may pagkakasundo sa daigdig at mga hayop at may pangangalaga sa hangin, lupa, at katubigan.

ANG PAMAYANANG PANGKABUHAYAN

PAUNANG SALITA

Nang ikaw ay nilikha ng Nagmamay-ari ng langit at lupa ay inilagay ka sa daigdig, itinalaga ka [ng Diyos] hindi bilang may-ari kundi tagapamahala lamang: Bilang ganito ka itinalaga [ng Diyos], sa maikling panahon lamang, sa pangangalaga ng iba't ibang bagay na may iba't ibang uri; ngunit ang tanging nagmamay-ari nito ay ang Diyos pa rin at hindi maiwawalay ang mga ito mula sa Kanya. Dahil ikaw mismo ay hindi mo ito pag-aari kundi pag-aari ng Diyos sa pamamagitan ng Diyos, oo nga't pati ang lahat ng iyong tinatamasa.³

Bilang mga Nagkakaisang Metodista, tayo ay nagpapahayag na ang buo nating pagkatao at ang lahat ng ating ari-arian ay pag-aari ng Diyos. Tayo ay mga pansamantalang katiwala lamang ng mga yaman at materyal na bagay na ating naipon. Sa ating pakikitungo at mga relasyon na may kaugnayan sa pera ay kailangan nating paglingkuran ang Diyos at ating kapwa sa lahat ng ating ginagawa, tulad ng iba pang aspeto ng ating pagdidisipulo.

Di matatawaran na ang isa sa iilan lamang na pinakamatitingkad na mga talatang nag-aatas sa atin na tayo'y makiisa sa pinakamababa, kabilang na ang mahihirap, ulila, balo, estranghero, at iba pang miyembro ng lipunan na madaling kantiin. (Amos 5:7-13; Mat. 25:3-46; Santiago 2:15-16). Dahil dito, nangangako tayong itatatag natin ang isang makatarungan, pantay-pantay, at matibay na ekonomiya kung saan ang lahat ay nakikinabang.

MGA HAMONG PANG-EKONOMIYA

A. Globalisasyon

Naniniwala tayo na ang pandaigdigang pagtutulungan ay kadalasang nagreresulta sa pagyabong ng tao at kapaligiran. Ngunit ikinalulungkot natin na nagdulot ang globalisasyon ng mga sagkang ngayon ay pumipigil sa pag-abot ng katarungang pangkabuhatan. Nangyayari ang globalisasyon kung patuloy ang integrasyon o pagsasama nga mga pambansang ekonomiya at ang paglitaw ng mga korporasyong multinasyonal na lumalahok sa pandaigdigang sistema ng kalakalan bilang isang dambuhalang manlalaro.

Datapuwa't walang dudang nagbibigay ang globalisasyon ng ilang benepisyo, maging ito man ay pinansyal o iba pa, nagawa rin nitong mabale-wala o maliitin ang matagal nang itinakdang sweldo o pamantayan sa paggawa, magpahina sa pangangalaga ng kapaligiran at magpabilis sa konsentrasyon ng yaman ng daigdig sa kamay ng iilan lamang. Dagdag dito, pinabilis ng globalisasyon ang sobrang pagkonsumo gawa ng madaling ma-access ang mga murang bilihin at pinahina nito ang karapatan ng mga katutubo sa kanilang mga lupa dahil sa pagmamadali na makapagtamo ng mga "raw material" na kailangan sa kanilang lumalaking produksyon.

Bilang simbahan, kinikilala natin ang kahalagahan ng paglikha ng isang ekonomiyang makatarungan, pantay-pantay, sustainable, at sapat upang mabenepisyo ang lahat ng kasapi ng lipunan, lalo na ang mga nasa laylayan ng lipunan at mga walang kapasidad na ipagtanggol ang kanilang sarili. Bukod dito, dahil napapangibabawan ng globalisasyon ang kapasidad ng isang indibiduwal, pamayanan o gobyerno sa larangan ng pamamahala, nananawagan tayo sa mga organisasyong internasyonal tulad ng United Nations, World Trade Organization, International Monetary Fund, at iba pa na panagutin ang mga korporasyong multinasyonal at pambansang gobyerno sa pagpapalaganap ng ekonomiyang tao ang pinapahalagahan at hindi kita, gayundin ay nangangalaga ng kapaligiran.

³ John Wesley, "The Use of Money."

B. Kahirapan at Di-Pantay na Sweldo

Bilang mga Nagkakaisang Metodista, sumusunod tayo sa yapak ng ating tagapagtatag, si John Wesley, na nangarap mapabuti ang buhay ng mga dumaranas ng nakapanlulumong kalagayan tulad ng kahirapan, kagutuman, kamangmangan, pagkabilanggo, pagkaalipin, adiksyon, at sakit.

Tinutuligsa natin ang patuloy na paglawak ng pagitan sa gitna ng mayayaman at mahihirap at ang pagkakaipon ng yaman sa kamay ng paliit nang paliit na porsyento ng pangdaigdigang populasyon. Tumataghoy tayo dahil sa lubhang pagdami ng bilang ng mga taong hindi nakakaranas ng mga batayang pangangailangan upang mabuhay nang maayos, at nangangako tayo sa ating sarili na magtatrabaho tayo tungo sa paglipol ng mga ugat at epekto ng kahirapan. Ikinadudurog din ng ating puso ang iba't ibang dahilan ng kahirapan, tulad ng digmaan, kagutuman, mga sakit, at desertipikasyon (o ang paglawak ng disyerto na nagpapakitid sa mga pinagmumulan ng tubig gaya ng mga ilog at lawa).

Hindi natin tinatanggap ang mga katuruang pangrelihiyon na nagsasabing ang pag-iipon ng yaman ay tanda ng pabor ng Diyos samantalang ang kahirapan ay tanda na ikaw ay hindi pinapaboran ng Diyos. Ikinukumpisal natin na kung minsan ay hindi tayo nakikinig sa mga salita ni Hesus, na nangaral ng Mabuting Balita sa mga taong namumuhay sa kahirapan, tinuruan silang huwag lalayo sa parating na kaharian ng Diyos at humamon sa binatang mayaman na itakwil niya ang lahat ng pag-aari niya nang sa gayon ay makasunod sa Kanya. (Lukas 6:20; Mat. 19:23-25)

Nangangako tayo na magiging aktibo sa pagmiministeryo sa mga nagdarahop na pamayanan sa pamamagitan pagbabahagi ng Mabuting Balita ni Hesu-Kristo at sa pamamagitan ng pagsuporta sa pagtitiyak na may pantay na oportunidad ang lahat at natutugunan ang kanilang mga pangangailangan, kabilang na ang pagkain, tubig, pangangalaga ng kalusugan, at edukasyon. Tinatanggihan natin ang di-pantay na pagtrato ng mga simbahan dahil sa yaman at laki ng kinikita. Gayundin ay ipinapangako natin na ating pagsusumikapang alisin ang mga di-makatuwirang kasanayan, patakaran, at mga sistemang kumokondena sa buong mga henerasyon na mamuhay sa walang-katapusang kahirapan.

C. 'Human Trafficking' at Pang-aalipin

Kinokondena natin ang "human trafficking" at pang-aalipin bilang mga matitinding paglabag sa likas na dignidad at halaga ng bawat isang tao at kanyang batayang karapatan, kabilang ang karapatan ng lahat ng indibidwal na magdesisyon para sa kanyang sarili. Naiintindihan natin na ang pang-aalipin ay isang pagtatakwil ng batayang paniniwala ng mga Kristiyano na ang lahat ng mga tao ay nilikha sa wangis ng Diyos.

Ang ibig sabihin ng "human trafficking" ay ang pagbili at pagbebenta ng mga tao upang sila ay sapilitan o ipinagkasundong magtrabaho, kabilang na ang pagpapaloob sa kanila sa pangsarili o pang-komersyal na kapakinabangan o pananamantala. Itinuturing natin ang gawaing ito na kasuklam-suklam dahil nilalabag nito ang batayang karapatang pantao at sinasamantala nito ang kawalang kapangyarihan ng mga pinakamahihinang kasapi ng lipunan. Kabilang sa mga itinuturing nating walang laban ay ang mga batang menor de edad at mga kababaihan, mga migrante, mga mamamayang napaalis sa kanilang tahanan, at ang mga namumuhay sa kahirapan.

Sinusuportahan natin ang pagpawi sa "human trafficking" at pang-aalipin sa anumang porma. Ipinapangako natin na patuloy tayong kikilos upang mawakasan ang dipagkakapantay-pantay sa lipunan at pangkabuhayan. Itinatakwil natin ang mga gawaing nagpapaalipin, nagpapakasundo, nagbibilanggo o namimilit sa mga manggagawa sa mga mapangsamantalang industriya o sa mga produksyon ng mga kalakal. Ating hinihimok ang mga indibidwal, mga pamilya, mga kongregasyon, at mga mamimili isabuhay ang responsableng konsyumerismo sa pamamagitan ng pagiging palaaral at maalam kung kangino nanggagaling ang lakas-paggawa at kung ano ang kondisyon sa kanilang pinagtatrabahuhan na siyang bumubuo ng proseso upang makagawa ng mga nasabing kalakal.

D. Pagnanakaw sa Gobyerno, Panunuhol, at Korapsyon

Tinututulan natin ang pagnanakaw sa gobyerno, panunuhol, at iba pang uri ng korapsyon bilang paglabag sa tiwala ng publiko at mga sagka sa pagbuo ng mga lipunang may katarungan at pagkakapantay-pantay. Ikinalulungkot natin ang pagkakasangkot ng mga opisyal ng gobyerno, mga namumuno sa negosyo, mga lider ng simbahan, at ibang maykapangyarihan sa ganitong mga gawain, hindi lamang dahil ang mga ito'y iligal kundi dahil ang mga gawaing ito ay nakapagpapababa ng kumpiyansa ng tao sa awtoridad. Gayundin, winawasak ng mga ito ang mga batayang prinsipyo kaugnay ng pagkakapantay-pantay sa mata ng batas at nagsisilbing hadlang sa pagtatayo ng makatarungan at parehas na mga ekonomiya. Ang resulta ng mga ito ay ang pagkalahis ng mga pondo para sa mga proyektong pambayan at pagmamanipla ng mga kontrata ng gobyerno na siyang nagpapahina at nagpaparupok sa mga proyekto at serbisyo na sana'y kapaki-pakinabang sa buong lipunan.

PANGKABUHAYANG KATARUNGAN

Nagsusumamo ako sa inyo, sa ngalan ng Panginoong Hesus, na mamuhay kayo nang naayon sa dangal ng inyong pagkakatawag! Tigilan na ang katamaran! Kung ano ang nakikita ng inyong kamay na gawain, gawin ito nang buong kalakasan! Tigilan na ang pagwawaldas! Tigilan na ang paggastos sa magagarang damit, kapritso o mga tawag ng laman at dugo. Tigilan na ang inggitan! Kundi ay ialay ang anumang ipinagkatiwala sa iyo ng Diyos sa paggawa ng mabuti, sa lahat ng posibleng paraan at antas sa tahanan ng pananampalataya, sa lahat ng mga tao!”⁴

Ang ating pangako na mapagtagumpayan ang pagbubuo ng pangkabuhayang katarungan ay nakaugat sa ating paniniwala sa kasunduan na ang nilikha ng Diyos ay dapat magbahagi sa isa't isa at lahat ng mga tao at mga nilalang na nabubuhay. Gaya na lamang ng *oikos* o sambahayan na nagsisilbing puso ng kabuhayan noong unang panahon, ang ating paniniwala sa likas na mapagsama-samang pangdaigdigang sambahayan ng Diyos ay siyang nagbibigay-lakas sa atin upang pangaraping matupad ang pagkakaroon ng mga ekonomiyang makatarungan, patas, at sustainable.

Bilang mga kasapi ng *oikos* ng Diyos at mga tagasunod ni Hesus, na nagturo sa atin na dapat tayong “magbigay sa mga nanghihingi at hindi huwag talikuran ang mga nagnanais humiram,” niyayakap natin ang kautusan na ibahahagi sa iba ang kasaganahan ng nilikha ng Diyos sa kaparaanang may hustisa at may pagkakapantay-pantay. (Mateo 5:42) Kung gayon, hinihimok natin ang mga gobyerno, mga negosyo, ang mga grupong sibiko na tiyakin na ang mga indibiduwal, mga pamilya, at mga pamayanan ay hindi mananatili lamang kundi uunlad pa.

A. Responsableng Konsumerismo

Ang pagkonsumo nang may pananagutang panglipunan ay mahalaga sa ating buhay ngayon. Hinihimok natin ang mga indibiduwal, mga pamilya, at mga kongregasyon na mamuhay sa kapanaraanang nakakabawas ng di-kailangang basura, nagtataguyod ng makatarungan at patas na sahod, nagtatatag ng “sustainability,” at nagbabawas sa pagiging depende sa “fossil fuel.”

Nananawagan kami sa mga mamimili na gamitin ang kanilang kapangyarihan sa pag-engganyo sa mga industriya na gumawa ng mga produktong nakatutulong sa sangkatauhan at pag-iwas sa paggawa ng mga kalakal na mula sa pananamantala ng mga manggagawa. Sinusuportahan natin ang matahimik at di-marahas na pamamaraan, kabilang na ang pagbo-boycott, pagsulat ng liham, pakikipag-usap sa mga stockholder ng kompanya, bilang epektibong pagpapakita ng malawakang galit sa mga kompanyang gumagawa ng mga dimakatuwiran at nakasisirang gawain. Tinatawagan natin ang mga may-ari ng stocks ng mga kompanyang ito, maging ang kanilang mga empleyado na impluwensyahang mabago ang mga mapanirang patakaran ng kanilang korporasyon. Kung kailangan ang ganitong mga

⁴John Wesley, “The Use of Money”

aksyon, nananawagan kami na ihanay nila ito sa mga katuruan ng Mabuting Balita at ituon ng Simbahan sa dignidad at halaga ng lahat ng nilikha.

Bilang pagkilala na ang mauunlad na bansa ay siya na ngayong kumukunsumo sa karamihan ng mga likas na yaman ng mundo, nasa likod kami ng mga patakarang pang-internasyonal at mga kooperasyon ng mga bansa na naglalayong makagawa ng mga makatarungang ekonomiyang sumusuporta sa pag-unlad ng sangkatauhan.

B. Pagsasaka at Produksyong Agrikultural

Ang pagbibigay-diin sa pangangailangang “tinapay sa araw-araw” na nakapaloob sa panalangin ng Panginoon (Mateo 6:11) ay nagsisilbing isang mahalagang paalala ng kahalagahan ng pang-araw-araw na ikinabubuhay at ang importanteng papel ng pagsasaka at iba pang uri ng gawaing agrikultural sa pangangailangang nutrisyon ng pandaigdigang populasyon na mabilis ang pagdami. Dahil dito, nananawagan kami sa agarang paglululok ng mga patakaran at kasanayan na magtitiyak ng kaligtasan at seguridad ng mga ito na nagbibigay suporta sa ating buhay at upang makasigurado tayo na ang proseso ng pagdedesisyon ukol sa mga pang-agrikulturang produksyon at mga benepisyo nito ay bukas sa lahat.

Itinataguyod natin ang mga bukid na lokal at pag-aari ng mga pamilya at pinapahalagahan natin ang kanilang papel sa pagpapakain ng karamihan ng populasyon ng daigdig. Ikinababahala natin ang lumalakas na monopolisasyon ng mga korporasyon at malalaking negosyong pang-agrikultura. Ang mga monopolyong ito ay sanhi ng malaking pagkabahala sa pagkawala ng mga pang-lokal na kontribusyon at kapangyarihan sa pagdedesisyon, at pagbilis na pagkasira ng mga ecosystem, kabilang na ang lupa, katubigan, at katugaban.

Partikular na ang malalaking negosyong pang-agrikultura, pinalala nila ang esklusibong paggamit ng pinakamatatabang lupa sa pagtatanim ng halamang pang-eksport lamang imbes na taniman ang mga ito ng mga pagkain para sa lokal na populasyon. Pinabilis din nila ang pagsimot ng katabaan ng lupa sa pamamagitan ng “monocultural farming,” pinarami ang pagpapakawala ng “methane gas” mula sa mga alagang hayop, nanira ng kapaligiran, at nag-expose sa kanilang mga manggagawa sa di-ligtas na antas ng pestisidyo at herbisidyo.

Iniiindorso natin ang mga hakbang na magpoprotekta sa patuloy na operasyon ng mga bukid na pinamamalakad sa mga taal na tagaroon, mga pamilya, at mga grupo at ang panawagan na ibasura ang mga programa ng gobyerno na pumapabor sa malalaking korporasyon at negosyong pang-agrikultura. Sinusuportahan natin ang mga pagsisikap na maipanumbalik ang mga ‘agricultural inputs’ na lokal at paggawa ng mga desisyon kung paano gagamitin ang lupa, ang produksyon ng mga pananim, pag-aalaga ng mga hayop, at ang pangangalaga ng mga lokal na tirahan ng mga hayop at halaman sa pag-asang magagawa nitong mabigyan ng mas malaking benepisyo mula sa pagsasaka at iba pang produksyong pang-agrikultura ang mga lokal na pamayanan.

Hinihimok natin ang mga magsasaka, maliit man o malaki, na gawing sustenable ang pagpapanatili sa integridad ng tinatawag na “food chain,” at tiyakin na ang mga manggagawang-bukid at iba pang trabahador ay masasahuran nang makatarungan at ang likas na kapaligiran ay mapangangalagaan.

C. Karangalan ng Pagtatrabaho

Naniniwala kami sa karangalan ng pagtatrabaho, hindi lamang upang makaraos sa araw-araw, kundi bilang paraan para sa isang indibiduwal na makapagbahagi sa pag-unlad ng kanyang pamilya at sa kabutihan ng lahat. Ang pagtitiyak sa karangalan ng pagtatrabaho ay nag-aakay sa atin upang suportahan ang karapatan sa ligtas at matatag na mga kondisyon ng pagtatrabaho, malayo mula sa mga kapahamakan ng kalusugan at kaligtasan. Ipinagtitiyak din natin ang pagtatatag at pag-iimplementa ng mga patakarang

nagtitiyak na makatatanggap ang mga manggagawa ng makatarungan at wastong sahod, na tinatawag nating “living wage.” Kinikilala natin na ang permanenteng trabaho ay isang matayog na pangarap ng mga mamamayan sa maraming pamayanan at kultura, at, dahil sa ganyang kalagayan, ang mga hamon sa pagtatatag ng mga karapatan ng mga manggagawa ay lubhang mahalaga. Gayunpaman, may adbokasiya ang simbahan na makamit ng mga manggagawa ng parehas at disenteng pagtrato sa mga manggagawa at sinusuportahan nito ang pagpapalawak ng mga oportunidad sa maraming tao upang sila ay makatagpo ng maayos na trabaho na may makatarungang sahod at mga benepisyo.

Sinasansala natin ang malawakang paggamit sa mga bata bilang manggagawa, kung saan ay pinipilit ang mga batang nagkakaedad ng pababa sa 18 taong gulang na pabayaan na lamang lumipas ang kanilang pagkabata at panahon ng pag-aaral, imbes ay magtrabaho na lamang sa bukid na pag-aari ng mga negosyo, sa mga industriyang gumagawa ng mga kalakal o mga negosyong nangunguha ng likas na yaman.

Suportado natin ang kalayaan ng mga manggagawa na mag-organisa, kabilang na ang kanilang karapatang magbuo ng unyon, na pumaloob sa “collective bargaining,” at magprotesta laban sa di-ligtas na mga kondisyon sa mga lugar na kanilang pinagtatrabahuhan at ang mga di-makatarungang patakaran at kasanayan. Gayundin ay sinusuportahan natin ang karapatan ng mga manggagawa na magwelga. Tutol tayo sa permanenteng pagpapalit sa mga trabahador na nagwewelga o ang hakbang na gawing iligal ang pag-oorganisa.

Sinusuportahan natin ang mga hakbanging naglilimita sa tagal ng pagtatrabaho sa loob ng isang araw o isang linggo man at ating sinusugan ang mga patakaran na gumagarantiya na ang bawat manggagawa ay nababayaran sa mga pagkakataong sila ay di makapapasok, kabilang na ngunit hindi limitado sa, sick leave, bereavement leave, pagboto sa eleksyon, pagtupad sa mga obligasyong pangsibiko, mga piyesta opisyal, bakasyon, at parental leave para sa mga mag-aalaga ng bagong panganak o kaya’y inampon.

D Sabbath at Oras ng Pagpapanumbalik-Lakas

Kinikilala natin ang Sabbath bilang kaloob ng Diyos sa Kanyang bayan bilang pag-aalaala na nagpahinga ang Diyos sa ika-pitong araw ng paggawa ng Sangnilikha (Genesis 2:2; Exodus 20:8-11). Ipinagtitiyag natin ang kahalagan na makaranas ang mga manggagawa ng panahong malayo mula sa trabaho upang makapagpahinga at mapanumbalik ang isip, katawan at espiritu, magkaroon ng pagkakataong makapaglaro at malibang, at makatulong sa mga pangangailangan ng mga pamayanang kinabibilangan niya. Ipinagtitiyag din natin na ang araw ng pamamahinga ay panahon upang mabigyan din ng kapahingahan ang ibang miyembro ng pamayanan.

Hinihimok natin ang lahat ng mga Nagkakaisang Metodista na parangalan ang Sabbath sa pamamagitan ng aktibong pagdalo sa bahay-pananampalataya ng isang lokal na kongregasyon. Nananawagan tayo sa pamahalaan at mga negosyo na palaganapin ang mga patakaran at kasanayan na pumapayag sa lahat ng mga mananampalataya ng lahat ng relihiyon na sila ay mabigyan ng sapat na oras na malayo sa trabaho upang manampalataya, makapagpanumbalik ng lakas, at makihalubilo.

E. Responsibilidad ng mga Korporasyon

Naniniwala kami na ang mga korporasyon at mga negosyo, tulad ng iba pang institusyon ng mga tao, ay itinakdang gumawa ng mabuti, na makapatataguyod ng pagkakapantay-pantay at katarungan, at magdulot ng mga positibong kontribusyon sa komunidad. Imbes na pakitain lamang ang mga nagmamay-ari ng mga stock ng kompanya, naniniwala kami na ang mga korporasyon at mga negosyo ay may mahalagang papel na ginagampanan sa pagtataguyod ng panglipunan at pangkabuhayang kagalingan at kapakanan ng lipunan.

Nanawagan tayo sa mga korporasyon at mga negosyo na ituring ang mga tao na mas mataas at mas mahalaga kaysa kita at tiyakin na sinusunod nila ang pinakamataas na pamantayan ng alituntunin ng moralidad o etika sa kanilang pagnenegosyo. Kaya

nga hinihimok natin ang mga lider ng mga korporasyon at mga may-ari ng mga stock na sumunod sa lahat ng mga batas, regulasyon, at sa mga kasunduan ng mga bansa na kaugnay sa pagtatanggol ng kapaligiran, ang kaligtasan at seguridad sa loob ng mga lugar na pinagtatrabahuhan, at ang paggarantiya sa mga batayang karapatan.

Ikinlalumbay natin ang mahabang kasaysayan ng kawalan ng hustisya at mga paglabag sa mga kasunduan. Pinanghahawakan natin na ang mga korporasyon, mga negosyo, at mga gobyerno ay may pananagutan sa anumang paglabag o panghihimasok sa karapatan ang mga lupain ng mga indibiduwal at mga pamayanan at ipinapangako natin na isusulong ang katarungan.

Ikinapupuri natin ang mga namumuhunang nagtataguyod ng kanilang responsibilidad sa lipunan dahil sila ay mahahalaga sa pagpapanatili sa paniniwalang mahalaga ang pananagutang ito sa pagsusulong ng kabutihan ng marami. Kaya nga nakikiusap tayo sa mga indibiduwal, mga pamilya, mga kongregasyon, at iba pang grupong simbahan na mag-aral ng wastong pangangapital at paggamit ng kanilang kapangyarihan bilang mga namumuhunan sa pamamagitan ng paggiit na ibahin ang direksyon ng kanilang mga pondo mula sa mga industriyang may masamang epekto sa tao o kapaligiran. Matapos masubukan ang lahat ng opsyon, ang iba pang paraan na maaaring maging epektibo ay ang direktang pakikipag-usap, sama-samang aksyon ng mga may bahagi sa negosyo, at pag-boycott at pagbawi ng kanilang puhunan.

ANG PAMAYANANG PANLIPUNAN

PAUNANG SALITA

Pagdating sa pananampalataya, kamangha-mangha na ito'y buhay, aktibo, at makapangyarihan! Wala itong gagawin kundi pawang kabutihan lamang sa lahat ng panahon. Hindi ito naghihintay na magtanong kung may magagawa ba itong mabuti; imbes, bago pa man masabi ang tanong, nagawa na nito ang dapat gawin, at tuloy-tuloy itong ginagawa nito. Ang sinumang hindi kumikilos tulad ng nasabi ay isang taong walang pananampalataya.⁵

Hindi kumikilala ng relihiyon ang Mabuting Balita ni Kristo kundi ng lipunan; walang kabanalan kundi panglipunang kabanalan.⁶

Bilang mga Nagkakaisang Metodista, naninindigan tayo na ang mga tao ay nilikha para sa Diyos at para sa isa't isa. (Gen. 1:26-27, 31; Fil. 2:3-8) Isinasabuhay natin ang ating mga buhay, pinalalago sa pananampalataya, at ipinapaloob sa mga kasanayan ng pagiging disipulo at saksi sa sitwasyon ng iba't ibang pamayanang watak-watak, kabilang na ang mga pamilya, eskwelahan, kapitbahayan, pinagtatrabahuhan, at ang malawak na lipunan.

Ang simbahan ay tinawag upang magiging kakaibang pamayanan, may tatak na nangangaral ng Magandang Balita, nag-aaral ng Salita, nagbaha-bahagi ng tinapay, at sumasaksi sa kapangyarihan ng pagkakaligtas sa gitna ng durog na mundo. Tumutugon tayo sa tawag ng Diyos sa pamamagitan ng pagsaksi sa kapangyarihang makapagpanibagong-anyo ng Mabuting Balita, sa pamamagitan ng pakikisalo sa mga gawaing nagpapakita ng awa, at pagsusumikap na maabot ang katarungan at kapayapaan, na siyang tanda ng paparating na paghahari ng Diyos. Sa lahat ng pagsusumikap na ito, pinapaalala sa mga Kristiyano na kahit tayo ay may pagkakaiba-iba, tayong lahat ay mga bahagi ng iisang katawan sa ilalim ng kapangyarihan ni Kristo. (1 Cor. 12:12–31)

ANG MAPAGKALINGANG PAMAYANAN

A. Ang Pamilya

Tinatanggap natin na ang mga pamilya ay iba't iba ang laki at porma, at kinikilala natin ang kanilang mahalagang papel sa pagkalinga ng pisikal, moral, at ispiritwal na pag-unlad ng mga bata, kabataan, at maging ng katandaan. Ang pagkalinga at suporta ay lubhang mahalaga sa wastong pamumuhay ng mga pamilya. Sa gayon, hinihimok natin ang lahat ng mga miyembro ng pamilya na tratuhan ang bawat isa nang buong pagmamahal at paggalang. Hinihikayat natin ang mga magulang at iba pang tagapag-alaga na maging matiyaga at mapagkalinga, palakihin ang mga anak sa mga paraang nagtataguyod ng kanilang pag-unlad sa aspetong pisikal, ispiritwal, emosyonal, at moral.

Ang mga bata ay handog mula sa Diyos na dapat buong galak na salubungin at tanggapin. Ikinalulungkot natin na sa ibang mga kaso, hindi kaya o ayaw tuparin ng mga tunay na magulang ang obligasyong alagaan ang kanilang anak. Sa ilalim ng ganitong sitwasyon, pinapalangkapan natin ang bukas-palad na pagtanggap na akuin ng mga malalayong kamag-anak at mga nag-aampon ang responsibilidad bilang mga pangunahing tagapag-alaga. Subalit kahit sa ganitong mga sitwasyon ay alam natin na may trauma na mararanasan ang mga bata dahil sa pagkakawalay nila sa kanilang tunay na pamilya at dapat mangyari ito nang makatarungan, sensitibo, at buong pagmamahal. Sa mga wastong pagkakataon, hinihikayat natin ang bukas na pag-aampon nang sa gayon ay malalaman ng mga bata ang lahat ng mahalagang inormasyon tungkol sa kondisyong pangkalusugan pati na rin ang tungkol sa mga relasyon nila.

⁵Martin Luther, Preface, *Explanatory Notes on Romans*.

⁶John Wesley, Preface, *Hymns and Sacred Poems*.

B. Mga Walang Asawa

Ipinagpapasalamat natin ang mga ambag ng mga walang asawa at hindi natin pagtatangi sa kanila o mga gawaing kakikitaan ng pagkiling at hindi matuwid na palagay o opinyon na laban sa kanila. Ginagalang natin ang desisyon ng mga walang asawa na hindi magpakasal at ipinagtitibay natin ang mga napili nilang paraan makasali sa buhay-pamilya at komunidad.

Ibinibigay natin ang malalim na paggalang sa mga walang asawa. Kinikilala natin ang dagdag na pasan at hamon bilang tumatayong nag-iisang magulang at iniaalay natin ang ating pagmamahal, suporta, at pagkalinga sa mga tumutupad ng pangkaraniwang bokasyon na ito.

C. Sekswalidad ng Tao

Pinagtitibay natin na ang sekswalidad ng tao ay isang banal na handog at kinikilala natin na ang pagtatalik ay nakatutulong sa kondisyong emosyonal, ispirituwal, at pisikal ng tao at upang makakalinga ang malusog na relasyong sekswal na may pundasyon sa pagmamahal, pagkalinga, at paggalang.

Ang sekswalidad ng tao ay mabuti at likas na bahagi ng buhay na inihahayag sa maraming kamangha-manghang paraan mula sa pagkapanganak hanggang sa pagkamatay. Hinuhubog ito ng magkahalong kalikasan at pag-aalaga: pagmamana-mana at “genetic factors” sa isang banda at pag-aaruga habang bata at kapaligiran sa kabilang banda. Binibigyang-pugay din natin ang malawak na pagpipilian at iba’t ibang bokasyon kaugnay ng sekswalidad, tulad ng pagtangi sa relasyong sekswal, pagpapakasal, at hindi pag-aasawa.

Sinusuportahan natin ang karapatan ng lahat ng tao na pumayag sa pagpapaloob sa isang relasyong sekswal, na gumawa ng desisyon patungkol sa sariling katawan, at masuportahan sa mga desisyong ito, na makatanggap ng komprehensibong pag-aaral tungkol sa seks, at maging ligtas sa pananamantala at karahasang sekswal, at magkaroon ng access sa pagkalinga sa kalusugang sekswal.

D. Pag-aasawa

Sa loob ng iglesia, ipinagtitibay natin na ang kasal ay sagradong kasunduang panghabambuhay na naglalayong pagkaisahin ang dalawang taong mananampalataya, isang lalaki at isang babae na kapwa may sapat na gulang, o dalawang taong may sapat na gulang na kusang-loob mag-isang-dibdib.

Bagama’t hindi kinikilala ng Ang Nagkakaisang Iglesia Metodista ang pag-aasawa bilang isang sakramento, ipinagdiriwang at pinapahalagahan naman natin ang pag-iisang ito bilang pagpapahayag ng pananampalataya ng mga dalawang tao, na nakatayo sa pundasyon ng kanilang relasyon sa Diyos at sa isa’t isa. Ang pag-aasawa, samakatuwid, ay sumasalamin sa patuloy na pagpayag nila na magkasamang lumago kay Kristo at ang pangakong pangalagaan ang kasunduan na sumasaklaw sa pagiging malapit, grasya at pag-ibig.

Bilang mga kasapi ng kabuuang lipunan, nagpapatunay tayo ng kahalagahan ng kasal, ang ligal na pagkilala ng estado sa pagsasama ng mag-asawa. Ang pagkilala sa legalidad nito ay kailangan upang matiyak ang katatagan ng isang pamilya at ang maayos na pagsunod sa mga alituntunin sa isyu ng mana, at upang tiyakin na ang mga asawa at mga anak ay makatatanggap ng karampanan nilang mga karapatan, benepisyo, at proteksyon.

1. Pagpapakasal sa mga Bata

Sukdulan nating tinututulan ang pagsasama bilang mag-asawa ng mga bata at kabataan na may gulang na mas mababa sa 18 maging sa mga lugar kung saan ang ganitong relasyon ay tanggap ng kanilang kultura at batas. Ang pagsasama bilang mag-asawa ng mga bata at kanilang pagtatalik sa murang edad ay nakasisira sa normal na direksyon ng emosyonal, biyolohikal, at sosyal na pag-unlad ng maliliit na bata. Para sa mga batang babae, partikular sa mga menor de edad, ang maagang pakikipagtalik—at ang resulta nitong pagbubuntis—ay magdudulot ng permanenteng

pagkasira ng mga lamang loob nila, na mauuwi sa habambuhay na mga suliraning pangkalusugan, at makahahadlang sa pagkakaroon ng mga oportunidad sa buhay. Ang paghihintay na magpakasal hanggang sila'y nasa wastong gulang na ay magbibigay ng pagkakataon sa mga bata at kabataan na magbinata at magdalaga at makabahagi sa kaayusan ng lipunan bilang mga miyembro nito. Dahil dito ay naniniwala tayo na dapat munang makaabot ang mga kabataan sa ligal na edad bago sila pumayag na magpakasal.

2. Polygamy o Pag-aasawa Nang Higit sa Isa

Hindi natin mapapahintulutan ang “polygamy” o ang pamumuhay na may maraming asawa. Gayunman, kinikilala natin na ang pwersahang pagpapawalang-bisa ng ganitong klase ng mga relasyon ay malaking problema. Madalas ay naghihirap nang matindi at walang maaasahang suporta ang mga babae at mga batang lumalabas sa polygamy at napapaalis ng bahay.

Dahil dito ay hinihimok natin ang mga lider ng simbahan na, sa kanilang pagsasagawa ng disolusyon ng mga relasyong polygamy, ay mag-ingat at isaalang-alang ang kalusugan at kagalingan ng mga babae at mga batang walang ibang inaasahang suporta.

Tutul tayo sa pagtatakwil sa mga pamilyang galing sa relasyong polygamy, lalo na sa kababaihan at mga bata, o pagtanggap na sila ay makasali sa ministryo ng simbahan kabilang na ang pagtanggap sa mga sakramento. Imbes ay hinihimok natin ang mga pastor at mga kongregasyon na tanggapin nang buong galak at pakisamahan sila na lubhang nangangailangan ng mga ito.

3. Diborsyo

Kinikilala natin na ang paghihiwalay o diborsyo ay isang nakalulungkot ngunit di-maiiwasang alternatibo para sa mga mag-asawang malabo nang maiayos ang relasyon o kaya ay naging mapanira na ito o malabo nang magkakabalikan pa. Sa ganitong pagkakataon, ipinapayo natin sa mag-asawa na humingi ng payo sa mga kinaukulan at, kung hindi na maiiwasang maghiwalay o mag-diborsyo, ay maghiwalay ng landas nang maayos upang hindi gaanong negatibong maapektuhan ang ibang miyembro ng pamilya.

Ang katapatan sa pangako sa isa't isa noong sila'y ikinasal ay hindi nagpupwersa sa mag-asawa na manatili sa isang relasyong kung ang isa o pareho sila ay nakararanas ng abusong pisikal o mental.

Hindi tayo maaaring umayon sa pagtanggap ng simbahan na bigyan ng serbisyo ng kanilang ministryo ang mga diborsyado o ang hindi sa kanila pagbibigay ng pagkakataon na magingkod bilang lider ng simbahan, sila man ay klero o layko. Kinukumbinse natin ang mga pastor at mga kongregasyon na gumawa ng mga ministryo o programa na sumusuporta sa mga diborsyado upang matulungan silang malampasan ang panglipunan at pangrelihiyong dungis sa kanilang pagkatao na dulot ng diborsyo o paghihiwalay. Ang diborsyo ay hindi humahadlang sa pag-aasawang muli.

IBA PANG USAPING PANGLIPUNAN

A. Pag-Abuso sa mga ‘Substance’, Alak at Tabako

Ang “substance abuse” ay may mapanirang epekto sa katawan at sikolohiya ng taong naadik at sa lipunan. Sa ating pagtugon sa talamak na pang-aabusong nabanggit, dapat nating simulan sa pagkilala na ang adiksiyon at maling paggamit o pag-aabusong mga ligal at iligal na gamot o “substance” ay lubhang mapanira sa buhay ng mga gumagamit nito, sa kanilang mga pamilya, at sa buong komunidad.

Sa maraming bahagi ng mundo, ang abusadong paggamit ng “opioid” at iba pang kalakal ay dumating na sa antas ng sukdulang krisis. Sinusuportahan ng simbahan ang mga programa at patakarang sumasaklaw sa mga dahilan at lunas ng nakapanglulupaypay na adiksyon. Nananawagan tayo sa lipunan na tigilan na ang paghatol sa mga taong naging adik at gayundin sa pamahalaan sa lahat ng antas na magbigay ng sapat na mga pangangailangan na naaayon sa laki ng suliranin.

Bilang pagkilala sa paninira ng substance abuse sa mga indibidwal, mga pamilya, at buong komunidad, hinahamon natin ang mga Nagkakaisang Metodista na umiwas o kaya’y tumigil na sa paggamit o pag-inom ng mga nakalalasing, mga droga o iba pang bagay na nakakaadik, nakasisira ng kakayahang mag-isip nang wasto, at nakababawas sa abilidad ng katawan na makakilos nang maayos, at nagreresulta sa matagalang pagkasira ng mga indibiduwal, mga pamilya, at mga pamayanan.

Tungkol sa pag-inom ng alak, kinikilala natin na sa kasaysayan ay nanindigan ang mga Nagkakaisang Metodista na dapat umiwas sa abuso upang mapangalagaan ang mental, pisikal, at espirituwal na kagalingan. Dapat umiwas sa perwisyon ng dulot ng sobra-sobrang pag-inom ng alak. Dahil dito, kinukumbinse natin ang mga taong piniling uminom ng nakalalasing na inumin, kabilang na ang wine at serbesa, na isagawa ito nang may tamang kaisipan at hinay-hinay lamang. Ang isa pang konsiderasyon ay ang epekto nito sa mga nagsusumikap na makarekober mula sa pang-aabuso sa alak at iba pang substance.

Dahil sa dumadaming ebidensyang medikal na lubhang nakakaadik at seryosong banta ito sa kalusugan, ang direkta o hindi direktang pagsinghot at pagpasok sa katawan ng nikotina at iba pang kemikal na matatagpuan sa binibiling sigarilyo, minumungkahi ng simbahan ang tuluyang pagtigil sa paggamit nito. Batid natin ang hirap ng paglaban sa adiksyon sa nikotina dulot, halimbawa, ng pagsisigarilyo, at hinihimok natin ang mga kongregasyon na gumawa ng paraan upang mabigyan ng epektibong suporta ang mga nagdesisyong tumigil na sa paggamit ng nikotina.

B. ‘Bullying’ (Intimidasyon) at Iba Pang Uri ng Karahasan

Mariin nating tinututulan ang lahat ng uri ng “bullying,” o ang di-kanais-nais at agresibong asal ng mga bata, kabataan, at katandaan, kabilang na ang panunukso, pisikal na karahasan, pagmamanipla ng emosyon, at pananakot. Kung ito ay nakatuon sa mga bata at kabataan, ang bullying ay may negatibong epekto sa tamang pag-unlad ng emosyon at kaisipan at ginagawa nitong isang mapanganib at di-ligtas na lugar ang eskwelahan, kapitbahayan, at internet. Kadalasan ay may pangmatagalan at masamang epekto o trauma ang bullying sa pangkaisipan, pisikal, at emosyonal na kagalingan. Sa sitwasyong sangkot ang maliliit na bata at mga kabataan, hinahamon natin ang mga kinauukulan na gumawa at mag-implementa ng mga patakarang laban sa bullying na may konsiderasyon na ang nang-bully at ang biktima niya ay kasalukuyan pa lamang na nasa proseso ng pagpapahinog ng kaisipan.

C. Kolonyalismo, Neo-kolonyalismo at ang mga Epekto Nito

Alam natin na ang masalimuot na kasaysayan ng kolonyalismo at neo-kolonyalismo ay ramdam na ramdam pa sa mga relasyon ng pandaigdigang Nagkakaisang Metodista. Ang kolonyalismo ay ang pagkontrol ng isang bansa sa isang bansa, tribu o grupo ng mga tao nang buo o di-buo sa pamamagitan ng pananakop at pagsasamantala. Ang neo-kolonyalismo naman ay ang pagpapatuloy ng kolonyalismo sa pamamagitan ng pananatili ng kontrol ng isang bansa sa ekonomiya, pulitika, at lipunan ng dating sinakop na bansa o mga mamamayan nito.

Ilan sa atin ay kabilang sa mga bansa at mga grupong nakinabang nang husto mula sa nabanggit na panunupil at pagkamkam ng lupa at iba pang likas na yaman. Ang iba naman sa atin ay nakatira sa mga bansa o bahagi ng mga pamayanan na patuloy na naghihirap at

lumalaban sa patuloy na kasaysayan at masamang epekto ng kolonyalismo, kabilang ang pagiging mabuway na panglipunan, pang-ekonomiya, at pangpulitikal na aspeto ng mga bansang naapi; malawakang malnutrisyon, kamangmangan (illiteracy); mga sakit; at ang patuloy na pagkamkam sa mga lupa ng mga katutubo.

Alam natin na hindi isang inosenteng tagamasid lamang ang simbahan kundi sangkot ito sa mga pagmamalabis ng kolonyalismo at neo-kolonyalismo. Dahil dito, nananawagan tayo sa mga indibidwal at mga kongregasyon na pag-aralan ang nakakabagabag na kasaysayan ng kolonyalismo at, kung saan nababagay, pagsisihan ang ating patuloy na pagkakasangkot sa mga ito. Hinahamon natin ang mga Nagkakaisang Metodista na humanap ng paraan upang matulungan ang mga patuloy na naghihirap dahil sa kolonyalismo, kumilos upang makumpuni ang mga nasira at aktibong sumuporta sa mga inisyatibang tungo sa tuloy-tuloy na pag-unlad ng mga naagrabyang bansa.

D. Kamatayang May Karangalan

Naniniwala tayo na ang lahat ng buhay ay may kamatayan, at itiniyak natin na ang pag-ibig at pagkalinga ng Diyos ay mananatili sa atin sa ating pagtawid mula buhay ngayon patungong kamatayan at sa mas dakilang buhay. Ang mga pahayag na ito, kasama ang ating binanggit na patunay na ang bawat buhay ay may sagradong halaga, ay naghahatid sa atin sa kaisipang dapat ipilit ang pagtrato sa mga indibiduwal nang may dangal at respeto sa panahon ng kanilang paghihinala.

Ang pagdidiin natin sa kamatayang may dangal ay nangangahulugan na kailangang pakinggan at igtalang ang mga kahilingan ng mga indibiduwal at kanilang pamilya, na ang paggamit ng teknolohiya sa medisina ay dapat na naayon sa kalagayan ng may-sakit, at ang anumang pananakit at paghihirap ay dapat mabawasan nang husto. Pinagtitibay natin ang karapatan ng mga taong naghihinala na sumali sa proseso ng pagdedesiyon tungkol sa kanilang kalagayan. Bilang isang pamayanan ng mga mananampalataya, tinawag tayo upang suportahan ang mga indibidwal at mga pamilya na nahaharap sa paghihirap at kamatayan. Sa paraang sensitibo at may pagkalinga, maging saksi tayo sa walang maliw na pagmamahal at grasya ng Diyos, kahit hindi ito nararamdaman o nararanasan agad-agad ng mga taong nasa loob ng sitwasyong nabanggit.

1. Matapat na Pagkalinga sa Naghihinala

Ang pagtingin natin sa kamatayan at paghihinala ay mula sa perspektibo na naaayon sa ating paniniwala sa likas na dangal at halaga ng mga tao, ang malasakit natin sa karapatan ng pasyente na magpasya tungkol sa kanyang sarili, at ang patunay na ang ating buhay ay pag-aari ng Diyos. Sa loob ng balangkas na ito ay ibinibigay natin ang buong suporta sa mga pagkilos tungo sa pagbibigay ng kapangyarihan sa mga pasyente at kanilang mga mahal sa buhay na magdesisyon kung itutuloy ang paggamot o hindi na, ayon sa mga batas at protocol at maalam ng medisina.

Ang ganitong mga desisyon na ginawa nang maalam ay maaaring magdala sa pasyente at kanyang mga mahal sa buhay sa desisyong ipagpatuloy ang gamutan na nagbibigay pag-asa na gagaling pa o huhusay pa ang kalidad ng buhay nito. Sa kabilang banda, ang pasya ay maaaring mauwi sa pagpapatigil ng pasyente o mga mahal niya sa buhay sa mga medikal na paraan upang mabuhay pa ang pasyente bagama't wala na itong benepisyong maidudulot upang pagpapanumbalik ang kalusugan ng pasyente.

Naniniwala tayo sa benepisyo ng “palliative care” sa mga pagkakataong nagkaroon na ng desisyon na itigil na ang iba pang panggagamot. Ang “palliative care” ay may pagdidiin sa kahalagahan na maging kumportable ang mga pasyente hangga’t maaari, pagbabawas ng sakit at paghihirap nito, at pagpayag na ituloy na ang proseso ng kamatayan nang walang hadlang. Iniendorso din natin ang pagkakaroon ng paunang kautusang medikal, na malinaw na nagsasabi ng mga kahilingan ng

pasyente sakaling sila'y mawalan na ng kapasidad upang magbiling sa kanilang mga doktor.

2. 'Euthanasia' at Pagpapakamatay

Ang ating paniniwala na ang buhay ay sagradong handog, pati na ang patuloy na tanong tungkol sa maaaring abuso nito, ay umakay sa atin bilang simbahan na tutulan ang "euthanasia" at ang pagpapakamatay habang ipinagpapatuloy natin ang ating ministeryo ng kaawaan sa mga pamilyang apektado ng mga nasabing gawain. Ang "euthanasia," kilala rin sa katawagang "mercy killing," at ang pagpapakamatay na may permiso at tulong ng manggagamot ay nangyayari kung ang mga doktor o iba pang propesyonal sa larangan ng kalusugan ay nagbibigay sa mga pasyente ng mga "gamot" na sobra-sobra ang takal o nakamamatay na dosis upang kanilang inumin o kaya ay sila na mismo ang siyang nagpapainom o nagsu-supervise nito.

Ang ibig sabihin ng "suicide" ay ang aksyon ng mga indibiduwal na naglalayong tapusin ang sarili nilang buhay. Ang mga dahilan upang magpakamatay ay karaniwang may kinalaman ang depresyon at iba pang uri ng sakit sa utak, kabilang na ang substance abuse. Sa buong daigdig, ang pagtatangka sa sariling buhay ay nangyayari kapag kadaraan lamang sa malalaking krisis pampersonal o pangpamilya, kabilang na ang pagkawala ng ikinabubuhay, sapilitang paglipat mula sa tunay na tahanan, lugar o bansa, pang-aapi, matagal na pagdaranas ng pambu-bully, at iba pang uri ng karahasan.

Bagama't hindi mapapayagan ang pagpapakamatay, buong kababaang-loob nating inaamin ang kakulangan ng simbahan na intindiin ang mga ito at kumilos. Hinahamon natin ang mga kongregasyon na mag-aral tungkol sa masalimuot na mga motibasyon at mga panganib sa likod ng mga pangyayaring ito. Kinikilala natin na ang huling kahatulan ay nasa kamay ng Diyos at hindi sa atin; tinututulan natin ang pagtanggap ng mga simbahan na bigyan ng ministeryo at serbisyo ang mga namatay sa pamamagitan ng euthanasia o pagpapakamatay o sa kanilang mga nagluluksang pamilya at mga mahal sa buhay.

Naniniwala tayo na ang pagpapakamatay ay hindi pumipigil sa mga tao na makatanggap ng grasya ng Diyos, na sapat-sapat. Hinahamon natin ang mga pastor at mga lokal na kongregasyon na magtatag ng mga kaukulang "protocol" sa pagtugon sa mga may balak magpakamatay at nagtangkang magpakamatay. Dapat ay kabilang sa mga protocol ang pagtukoy sa mga may-karanasang tagapagpayo o propesyonal ng medisina. Imbes na ihiwalay o kondenahin ang mga ito o kanilang pamilya, hinihimok natin ang mga pastor at mga kongregasyon na magpakita ng awa at suporta sa kanila.

E. Pagsusugal

Tinututulan natin ang pagsusugal sapagkat itinutuo nito ang atensyon ng lipunan sa pagkamkam ng pera at pagbabale-wala sa iba pa at ang pagpapayaman ng iilan at paghihirap ng marami. Ang sugal ay nakasisira ng buhay at nakakaadik kaya't inilalagay nito sa panganib ang kalagayang pang-ekonomiya hindi lamang ng nagsusugal kundi pati na ang mga pamilya nila.

Tinatanggap natin na sa ilang lugar, ang "First Nation," mga American-Indian, at ang mga katutubo ay nagbukas ng mga resort na pasugalan at iba pang establisamyento bilang pagpakita nila ng pagsasarili at isang hakbang tungo sa pagpapatatag ng kanilang pang-ekonomiyang kalagayan. Imbes na kondenahin ito, kinikilala natin na ang papel ng simbahan ay suportahan sila sa kanilang pagtulak upang magkaroon ng dayalogo at pag-aaral tungkol sa mga pangarap at aspirasyon ng mga komunidad na ito at magkaroon ng mas malalim na pagkakaintindi sa kanilang kasaysayan at kanilang patuloy na paghahanap ng sariling pamamahala at pagkaligtas o survival.

Ipinangako nating tayo ay kikilos upang mawala na ang kahirapan tungo sa patas na distribusyon ng benepisyong pinansyal bilang isangistratehiya na makatutulong na mabawasan ang bighani ng organisadong sugal kabilang na ang loterya, casino, at pagsusugal sa pamamagitan ng internet.

F. Pagkakapantay-Pantay at Pagkakaiba-iba ng Kasarian

Pareho nating sinusuportahan ang pagkakapantay-pantay at pagkakaiba-iba ng kasarian bilang mahahalagang hangarin sa pagtitiyak na ang mga adhikain ng kababaihan at mga batang babae ay sineseryoso at ang mga oportunidad sa mga posisyong may may suweldo at pamumuno ay ibinabahagi sa lahat. Ikinalulungkot natin ang pananatili ng seksismo at “misogyny” o galit sa mga babae sa loob ng simbahan sa pamamagitan ng kanilang mga kasanayan at katuruang teyolohikal, gayundin sa mas malawak na lipunan. Ikinalulungkot natin na ang mga ganitong kapinsalaan ay madalas na nauuwi sa pangmamaliit o pagbalewala sa pamumuno at partisipasyon ng mga babae.

Dahil dito, itinatakwil natin ang anumang paniniwala, patakaran o kasanayan na nagtuturing na hindi pantay ang mga babae at mga lalaki sa kalagayang relihiyon o sekular man. Nakikiusap tayo sa mga kongregasyon, mga pastor, mga “board of ordained ministries,” mga obispo, at iba pang mga opisyal ng simbahan na magpatupad ng mga kongkretong aksyon na nag-aaruga at nagsusulong sa pagiging lider ng lahat na hindi tinitingnan ang kasarian. Hinihimok din natin ang mga gobyerno, mga negosyo, at ang lipunang sibil na gumawa ng mga batas at patakaran na magtitiyak na ang lahat ng mga kasapi ng lipunan ay may pantay-pantay na access, oportunidad, at proteksyon.

G. Media at mga Teknolohiya ng Komunikasyon

Sinusuportahan natin ang malayang pamamahayag sa publiko na binubuo ng kalayaan ng mga diyaryo at karapatan ng mga miyembro ng lipunan na magbahagi ng kanilang pagtingin at opinyon tungkol sa iba’t ibang bagay. Iginigiit din natin na ang lahat ng mga organisasyon ng media ay gumaganap ng kanilang tungkulin nang may pitagan at paggalang at mahigpit na pagsunod sa mga katanggap-tanggap na mga standard ng pamamahayag. Ipinagtitiyap natin ang positibong papel na ginagampanan ng media at mga teknolohiyang kaugnay sa komunikasyon sa pagtuturo sa pangkalahatang populasyon, sa pagbabantay sa mga kilos ng mga lider ng gobyerno at lipunan, at pagsusulong sa kagalingan ng marami.

Nababalisa tayo sa mga monopolyo ng media at ang tendensiya na makontrol ang media ng iilang malalaking korporasyon, at hinihikayat natin ang mga indibidwal, mga komunidad, at mga pamahalaan na maging mapagmatyag at mahigpit sa pagtupad ng mga patakarang “anti-trust” o mga batas na nagpoprotekta sa mga negosyo mula sa pandaraya ng iilan.

Kinikilala din natin na, tulad ng iba pang gawain, ang media ay magagamit ng mga taong may masamang balak sa pagmamanipula ng opinyon ng publiko, pagbabali-bali ng mga katotohanan, paghahasik ng mga maling impormasyon, pag-aaway-away, at pananakot. Nagdaramdam tayo dahil kumakalat ang mga salitang naglalayong makapagpagalit sa loob ng mga balita sa social media, broadcast, pahayagan, at iba pang midyum; nananawagan tayo sa mga mamamayan at mga may-kapangyarihang mag-ayos sa mga ito na gamitin ang kanilang kapangyarihan upang mawala na ang mga ito. Iniudyukan natin ang mga indibiduwal na mag-ingat sa paghahayag ng kanilang mga pananaw sa social media, sa pagkilala na kailangan nating maging mahabagin at ang mga perwisyo na maaaring magawa sa iba kung walang habag na umiiral.

Gayundin, ang media at teknolohiya ng komunikasyon ay kulang o hindi kumakatawan sa mga komunidad na nasa laylayan ng lipunan, kabilang na ang kababaihan, mga grupong katutubo, mga may-kapansanan, mga mahihirap, at iba pa. Naniniwala kami na ang media at mga teknolohiya ng komunikasyon ay dapat bukas at naaabot ng lahat, nagdudulot ng pagkakapantay na nagsusulong ng pagpipitagan at paggalang sa isa’t isa, at nangangalaga

ng karangalan at kahalagahan ng lahat ng tao, kabilang na mga mahihinang miyembro ng lipunan.

H. Pornograpiya

Matapang nating tinututulan ang pornograpiya at ikinababahala ang mapanirang epekto nito sa mga kultura, mga pamilya, at mga indibidwal. Ang pornograpiya ay isang panlalait sa ating malalim na paniniwalang ang sekswalidad ng tao ay mahalagang kaloob mula sa Diyos. Ang isyu ng pornograpiya ay may kagulat-gulat na epekto sa marami, maging ito man ay sa loob o labas ng pandaigdigang simbahan. Bagama't ang mga bulgar na larawan ay narito na sa loob ng mga nakaraang siglo, ang malawakang pagkalat ng mga bulgar at agresibong materyal ngayon ay nagiging daan patungo sa lumalalang problema ng adiksiyon na bumibiktima sa marami kabilang ang mga kabataang lumaki na may internet sa kanilang bahay at mga "mobile device" sa kanilang kamay. Nananawagan tayo sa lahat ng mga Nagkakaisang Metodista na suportahan ang mga pagkilos tungo sa paggawa ng mga epektibong panglipunan at pangpamahalaang patakaran na naglalayong lipulin ang "child pornography" o pornograpiyang gumagamit ng mga bata, pati na ang pananamantala sa mga nakatatanda at ang pang-aalipin. Patuloy tayong nananawagan sa simbahan na magbigay ng suporta na walang paghuhukom, rehabilitasyon, at pagkalinga sa mga naapektuhan ng mapanirang epekto ng pornograpiya sa kanilang buhay.

I. Eksperimentong Medikal at Pagsasaliksik

Sinusuportahan natin ang mga eksperimentong medikal at mga pagsasaliksik na maaaring panggalingan ng solusyon upang tuluyan nang mapalis ang mga sakit o makapagpatagal at makapagpaigi sa uri ng buhay ng tao. Iginigiit natin na ang mga eksperimentong medikal, kabilang na ang "genetic engineering," ay dapat na isagawa sa loob ng mga katanggap-tanggap na pamantayang etika. Kabilang sa mga pamantayang ito, na nakabase sa responsibilidad ng mga manggagamot na hindi dapat makasira o magpapalala ng kalagayan ng tao, ang pagtitiyak na may kalayaang magpasya ang pasyente at ang matalinong pahintulot nito; ang pagtitiyak na ang mga benepisyos at panganib ng eksperimentong medikal ay pantay-pantay na nababahagi sa iba't ibang grupo ng lipunan; ang pangako ng malaking benepisyos para sa pasyenteng sangkot sa ganitong mga eksperimento; at, sa mas maliit na kahalagahan, ay ang pagkakataong maisulong ang medisina.

Isinusulong natin ang metikulosong pangangasiwa ng lahat ng uri ng eksperimentong medikal upang matiyak ang pinakamataas na pamantayang etika ay siyang sinusunod. Isinusulong natin ang pagtutulungan sa pagitan ng mga pamahalaan, mga institusyong akademiko, mga mananaliksik ng mga korporasyon, at mga propesyonal sa medisina na itaguyod ang kasalukuyang pamantayan sa pagsasaliksik tungkol sa medisina. Dagdag dito, ating iginigiit na "due diligence" o ang maingat na pagtupad sa mga regulasyon upang matiyak ang mga mamamayan na nabubuhay sa kahirapan, kabilang ang mga nakatira sa mga hindi pa maunlad at di gaanong mayayamang bansa, ay hindi kinakatawan nang sobra o kulang na pag-aaral ng medisina at matapos ay mapagkakaitan ng mga benepisyong mula sa nasabing pag-aaral.

J. Pagbibigay at Paglilipat ng mga Organ ng Katawan

Matatag ang ating pagsuporta sa pag-aambag ng bahagi ng katawan o organ bilang ekspresyon ng utos ni Kristo na mahalin natin ang ating kapwa. Ang kakulangan ng mga organ na maaaring ilipat sa iba o transplantasyon sa buong daigdig ay nangangahulugan na daang libong mga bata, kababaihan, at kalalakihan ay dumaranas ng sakit o maging kamatayan. Sa sitwasyong ito, hinihimok natin ang mga Nagkakaisang Metodista na pumapayag na magbigay ng organ at kayang sumali sa gawaing ito na magparehistro bilang boluntaryong nag-aambag ng organ.

Naniniwala tayo na ang lahat ng pag-aambag ay kailangang boluntaryo at isinasagawa

sa lugar na ligtas kung saan ang kalusugan, kagalingan, at “privacy” ng mga nag-ambag at nakatanggap ng organ ay napapangalagaan. Bukod dito, tinitingnan natin ang pagbili at pagbebenta ng mga organ at dugo, kabilang na ang mga ninakaw at kinuha nang sapilitan bilang napakalaking paglabag sa likas na karangalan ng isang taong buhay at nakapaloob sa mga prinsipyong sumasalungat sa pagtrato sa tao bilang kalakal.

Hinihimok natin ang mga pamahalaan at mga samahang medikal na gumawa ng mga batas at patakaran na nagsusulong sa pag-aambag ng organ samantalang ay pinangangalagaan ang mahihinang bahagi ng populasyon na mula sa mga abusadong kasanayan at tinitiyak na ang mga naililipat na organ ay pantay-pantay na naibabahagi na hindi isinasaalang-alang ang katayuan sa lipunan ng makatatanggap.

K. Kalusugan ng Nag-aanak at Aborsyon o Pagpapalaglag

Kinakatigan natin ang pagkakaroon ng isang komprehensibong edukasyon ukol sa kalusugang sekswal na nababagay sa edad ng nag-aaral, gayundin ang kakayahang makakuha ng tiyak, epektibo, at murang pampigil sa pagbubuntis o “contraception.” Ipinagtitibay natin ang mga ministeryo at mga inisyatiba na naglalayong isulong ang kalusugan sa panganganak o “reproductive health” at nagpapataas ng kalidad ng buhay ng mga kababaihan at batang babae. Dahil sa panganib ng panganganak, naniniwala tayo na ang kababaihan at mga batang babae ay marapat lamang na may access sa pag-aarugang naaayon sa kanilang kondisyon. Sa gayon, hinahamon natin ang mga pamahalaan, mga negosyo, mga simbahan, at iba pang institusyong sibil na gawing prayoridad ang pagiging abot-kamay ang edukasyon sa pag-iwas sa pagbubuntis, mga check-up, paggamot, at pagbibigay ng payo sa kababaihan at mga kabataang babaeng nasa edad na maaari nang magbuntis.

Dahil marubdob ang ating paniniwala na sagrado ang buhay ng tao, atubili kaming umayon sa aborsyon o pagpapalaglag ng bata. Walang pasubali ang ating pagtanggì dito bilang isang hindi katanggap-tanggap na paraan ng “birth control” o upang mamili ng kasarian ng magiging anak at iba pang uri ng pagpapabuti ng lahi. Ating sinusuportahan ang mga hakbang na humihiling ng abiso mula sa mga magulang, guardian o responsableng tao na nasa wastong gulang, bago isagawa ang aborsyon sa mga batang babae na wala pa sa tama at legal na edad, maliban na lamang sa mga kasong umano’y “incest” o malapit na kamag-anak ang nakabuntis.

Tinututulan natin ang aborsyong “late-term” o “partial-birth,” isang prosesong kilala rin sa tawag na “dilation and extraction.” Nananawagan tayo na itigil na ang ganitong gawain, maliban na lamang kung nanganganib ang buhay ng ina, walang ibang uri ng gamutan ang pupwede o kung ang matinding uri ng abnormalidad ay naglalagay sa panganib sa hindi pa iniluluwal na sanggol. Sa iilang pagkakataong katulad nito ay saka lamang tayo aayon sa aborsyon bilang isang paraan at ipagpipilitan natin ang paggagamot na ito ay dapat na isasagawa ng mga bihasang propesyonal sa larangan ng medisina sa loob ng malinis at ligtas na lugar.

Hinihimok natin ang mga nag-iisip na sumailalim ng aborsyon na maghanap ng wastong payong medikal at pastoral at maghanap at magtanong-tanong nang may panalangin kung mayroong iba pang paraan, tulad ng pagpapaampon ng kanilang mga sanggol. Ipinapanalangin natin ang mga nakararanas ng di-sinasadyang pagbubuntis at inaalay natin ang ating panalangin at suporta habang sinusubukan nilang mapagtanto ang kagustuhan ng Diyos at matagpuan ang dunong at paggabay Niya. Kahit anupaman ang sitwasyong kinapapalooban ng isang tao na nagmumuni-muning magpalaglag, hindi natin pinapayagan ang pambu-bully at panghihiya sa mga taong nagdesisyon at umakasyon nang ganito.

Alam natin na madalas ay nagsasabi ang mga kabataang babae na nasa gulang na upang mabuntis na wala pa silang abilidad upang magdesisyon nang tama o magsagawa ng epektibong pagkontrol sa kanilang sariling buhay. Hinahamon natin ang mga pastor,

mga kongregasyon, mga nagmiministeryo sa mga eskwelahan, at iba pang nangunguna sa mga pagsisikap na bigyang kapangyarihan ang mga bata at kabataang babae. Dagdag dito, sinusuportahan natin ang mga samahang nag-aaruga at tumutulong sa mga babaeng naghahanap ng alternatibo sa pagpapalaglag.

Alam natin na nalilimitahan ang access sa reproductive health ng kakayahang magbayad. Ang mga kababaihang nakararanas ng kahirapan ay madalas na walang kakayanan na pumili kung mabubuntis o hindi o kung gaano kalaki ang kanilang pamilya. Kulang din sila sa pangangalagang medikal bago at matapos ang panganganak. Ang kakulangang ito ay siyang dahilan kaya nananatili ang siklo ng kahirapan sa pamamagitan ng paglilimita ng abilidad ng mga kababaihan na makapagtrabaho at sa pamamagitan ng patuloy na panggigipit sa kakaunti na ngang kakayanan na buhayin ang pamilya. Sinusuportahan natin ang mga patakaran at mga programang naglalapit ng mga serbisyong ukol sa kalusugan sa mga buntis at bagong panganak na nabubuhay sa kahirapan at mahihirap na lugar.

Sinusuportahan natin ang paggamit ng iba't ibang uri ngistratehiya para sa mga nagnanais magkaroon ng anak, kabilang na ang mga “fertility treatment,” “in vitro fertilization,” pag-aambag ng embryo o semilia, “surrogacy” o panganganak ng isang babae para sa kanyang kapwa babae, at iba pa. Naniniwala tayo na ang desisyong gumamit ng mga alternatibong paraan sa panganganak ay makakabuting hayaan sa mga nag-iisip ng ganitong opsyon, na may konsultasyon sa nag-aalaga sa kanila. Sa lahat ng pagkakataon, ang paggamit ng mga nasabing alternatibo ay dapat na naaayon sa pinakamataas na pamantayan, na unang isinasaisip ang kalusugan at kagalingan ng kababaihan at mga bata.

L. Rasismo, Etnosentrismo, at Tribalismo

Itinatakwil natin ang rasismo, etnosentrismo, tribalismo, at kahit anong ideolohiya o kasanayang panglipunan na base sa mali na mapangligaw na paniniwala o ideolohiya na ang isang grupo ng mga tao ay higit o superyor kumpara sa lahat ng mga grupo ng mga tao. Gayundin, tahasan nating inaayawan ang mga batas, patakaran, at kinagawian ng mga tao na nagsasantabi, nagmamaliit, at nag-eengganyo sa paggamit ng karahasan laban sa mga indibidwal, mga pamayanan, at ibang grupo batay sa inaakalang pagkakaiba sa pagitan ng mga lahi, etniko o tribo.

Nananawagan tayo sa mga kongregasyon at sa mga pastor, mga obispo, at iba pang opisyal ng simbahan na pag-aralan at ugatin ang dahilan ng pagpapakita ng rasismo, etnosentrismo, at tribalismo sa loob ng mga pamayanan ng mga mananampalataya at gumawa ng mga istrategiya upang mapagtagumpayan ang ganitong mga pagkakawatak-watak. Gayundin ay hinahamon natin ang mga pamahalaan, mga negosyo, at mga grupong sibilyan na labanan ang mga pahayag, patakaran, at mga aksyon na nagsusulong ng eksklusyon, diskriminasyon, at karahasan.

M. Panggigipit na Sekswal, Pang-aabuso, at Pananakit

Dahil kinikilala natin ang likas na halaga at karangalan ng lahat ng tao, kinokondena natin ang “sexual harassment” o panggigipit na sekswal, pang-aabuso at pananakit at tinuturing ang mga ito na mabigat na paglabag sa normal na pag-uugali at gawi sa simbahan at maging sa mas malawak na lipunan. Ang sexual harassment ay maaaring di-kaaya-ayang pagpaparinig na may sekswal na patutsada, mga salitang base sa kasarian o kaya ay pisikal na pagpaparamdam sa lugar na pinagtatrabahuhan, mga sitwasyon kung saan ay dapat propesyonal ang pagkilos, at sa kung saan ay may kalipunan ng mga tao.

Ang pang-aabusong sekswal o pangmo-molestiya ay may kasamang pamumuwersa o pagbabanta o sa pamamagitan ng panglalamang sa mga taong walang kakayanan upang magbigay ng pahintulot o yaong mga walang kakayanang pangalagaan ang kanilang sarili sa loob ng sitwasyong mas makapangyarihan ang nasa kabila. Ang “sexual assault” o pananakit ay binubuo ng lahat ng karahasan at uri ng sapilitang pakikipagtalik o pananakit, kabilang na ang panggagahasa. Mahigpit nating itinatakwil ang sekswal na pananamantala ng mga

bata at kabataan at ating kinikilala na ang anumang pang-aabusong sekswal ay partikular na kasuklam-suklam at lubhang mapanira kung ito ay nangyayari sa konteksto ng simbahan.

Hinahamon natin ang mga pastor, mga kongregasyon, at iba pang ahensiya ng simbahan na gumawa ng mga patakaran at kasanayang pipigil o tutugon sa mga kaso ng sexual harassment. Ang mga patakaran at kasanayang ito ay nangangailangan ng pagsasanay ng mga manggagawa ng simbahan, naka-print na “guidelines” tungkol sa kung paano ba nalalaman kung sexual harassment o hindi ang isang pangyayari, isang patagong taktika ng pagrereport, at malinaw na proseso sa pagresolba ng mga reklamo, kabilang na ang parusa na nauuwi sa pagkakatanggal sa mga paulit-ulit na lumalabag na nabigong itama ang kanilang maling iginagawi.

Isinusulong natin ang pagkakaroon ng malawak na patakaran at kasanayan kaugnay sa mga kaso ng pinaghihinalaang pang-aabusong sekswal at pananakit, lalo na kung ang sangkot sa mga kaso ito ay mga maliliit na bata o iba pang walang kakayanang magbigay ng kanilang permiso. Kahit iniulat pa lamang at wala pang ebidensyang pagsusumbong ng pananakit at abuso ay kailangang siyasatin na agad-agad. Gayundin, hinahamon natin ang mga pastor at mga kongregasyon na buong katapatang sumunod sa mga pinag-uutos ng anumang batas ukol sa mga bagay na ito at maging maalam sa mga obligasyong itinakda ng batas bilang itinalagang tagapag-ulat.

ANG PAMAYANANG PULITIKAL

PAUNANG SALITA

“Pag-ibig ang kaganapan ng batas, ang katapusan ng kautusan.” Napakagandang bagay ang nababanggit tungkol sa pag-ibig; ito ang esensya, ang espiritu, ang buhay ng lahat ng kabanalan. Hindi ito ang una at dakilang utos, ngunit ito ang kabuuan ng lahat ng kautusan na ipinag-isa. “Anumang mga bagay ang makatarungan, anumang mga bagay ang dalisay, anumang mga bagay ang kasiya-siya,” o marangal; “kung mayroong kabanalan, kung may anumang papuri,” sila’y napapaloob sa iisang salita na ito—pag-ibig.”⁷

Ang ating pakikisangkot sa mga sistema ng pulitika ay nakaugat sa kautusang nakapaloob sa Mabuting Balita, na mahalín natin ang ating kapwa, na gumawa ng mga bagay na makatarungan, na kumalinga sa mga mahihina. Bilang mga Nagkakaisang Metodista, alam natin na ang pag-ibig ay may kaakibat na responsableng aksyon at pakikihalang pulitikal na naglalayong mapabuti ang lipunan at maisulong ang mga bagay na naaayon sa benepisyo at interes ng nakararami. Kinikilala natin na ang ganitong pakikihalo sa pulitika ay nangangailangan ng pagpapakumbaba at pagkakaroon ng kamalayan na tayo ay naging kasabwat sa pagpapalaganap ng kawalan ng katarungan. Nangangailangan din ito ng kahabagan, panalangin, at ng kagustuhang mapagtanto ang paggabay ng Diyos.

Naniniwala tayo sa likas na kahalagahan ng lahat ng tao, na naitatag sa pamamagitan ng mapagbiyayang paglikha ng Diyos at lubos na inilalahad sa kapangyarihan ng buhay, pagkamatay, at pagkabuhay na mag-uli ni Hesus. Ang pagkakaunawang ang mga tao ay nilikha sa wangis ng Diyos ay ang pinakabuod ng mga katuruan ni John Wesley.

Pinaniniwalaan din natin na tinatawag ng Diyos ang lahat ng mga kasapi ng pamilya ng sangkatauhan na kilalanin at pangalagaan ang karangalan at kahalagahan ng lahat ng tao at kumilos para sa kagalingan ng nilikha ng Diyos.

Sa gayon ay sinusuportahan natin ang mga istruktura ng simbahan at sibilyang lipunan na gumagalang sa batayang kalayaan at karapatan ng lahat ng tao at nagpoprotekta sa nilikha ng Diyos. Ipinagtitiyag natin, lalo na, ang mahalagang tungkulin ng samahang United Nations sa pagsusulong ng kapayapaan at seguridad, pangangalaga ng dignidad ng tao at mga karapatan nito, ang adbokasya nito sa napapanatili ngunit hindi mapanirang pag-unlad o “sustainable development.”

MGA RESPONSABILIDAD NG PAMAHALAAN

A. Simbahan at mga Pamahalaan

Naninindigan tayo na ang simbahan at estado ay may mahalaga at natatanging papel na ginagampanan kaugnay sa mas malawak na lipunan. Datapuwa’t ang relasyon sa pagitan ng mga relihiyosong pamayanan at mga gobyerno ay nag-iiba-iba sa bawat bansa, ipinagtitiyag natin sa pangkalahatan ang kasarinlan at integridad ng parehong institusyon, at nagsusulong tayo ng isang relasyong may respeto sa isa’t isa kung saan wala alinman sa mga institusyong nabanggit ang nagnanais na mamayani o mang-impluwensya sa isa nang walang permiso ng kabila.

Naniniwala tayo na ang bawat uri ng pamahalaan ay nasa ilalim ng kahatulan ng Diyos at nararapat lang na may pananagutan sa pangangalaga ng mga inosente, naggagarantiya ng batayang kalayaan, nagpoprotekta sa likas na mundo, at nagtatatag ng mga ekonomiyang makatarungan, patas, at sustenable.

Hinahamon natin ang mga nahalal o itinalagang opisyal sa mga pampublikong posisyon o naupo sa mga pwesto sa gobyerno bilang mga responsableng lider at katiwala ng awtoridad at mga yaman na inilagag sa kanila. Tinatawagan natin ang lahat ng mga opisyal ng gobyerno na subukang abutin ang pinakamataas na pamantayan ng propesyonalismo,

⁷ John Wesley, “The Circumcision of the Heart.”

katapatan, at integridad. Gayundin, hinihimok natin ang lahat ng mga gobyerno na yakapin ang mga patakaran at kasanayan na nagtitiyak sa pananagutan at pagiging hayag o “transparency” upang magkaroon at mapanatili ang tiwala ng mga tao sa pamahalaan.

Hindi natin matatanggap ang paggamit ng pamahalaan ng pagbabanta, pangingikil, ilegal na pagpapakulong, pagpatay na labas at labag sa batas (extrajudicial killings), at iba pang uri ng karahasan upang patahimikin ang mga kalaban sa pulitika at maging ang mga tumututol sa ilegal at imoral na patakaran at kasanayan ng pamahalaan. Bilang pagsunod sa batas at ordinansang pinagkasunduan ng mga bansa, maigting nating tinututulan ang ang paggamit ng “torture,” pang-aalipin, “genocide” o maramihang pagpatay ng isang lahi, mga krimeng pangdigmaan, mga krimen laban sa sangkatauhan, pagsalakay ng buong karahasan ng isang gobyerno sa ibang bansa, at manawagan ng pinakamahigpit na parusa ng mga bansa o “international sanction” na ipapataw sa mga kasong nabanggit.

Samantalang hindi tayo naniniwala na dapat madikit ang mga simbahan sa mga partikular na partido sa pulitika, hinihikeyat natin ang mga simbahan na buong tapang na magsalita ukol sa mga isyu ng lipunan mula sa perspektiba ng Mabuting Balita. Dagdag dito ay naniniwala tayo na ang mga simbahan ay may karapatan at tungkulin na turuan at sangkapan ang mga kasapi nito na magaling at epektibong tagapagtaguyod ng katarungan sa mas malawak na daigdig.

B. Sinasadyang Di Pagsunod ng Sibilyan o ‘Civil Disobedience’

Suportado natin ang mga tao na, dahil sa kanilang konsiyensya o kaya’y paniniwalang relihiyon at dahil nasubok na ang lahat ng paraang legal, nakararamdam na kailangan nilang suwayin o iprotesta ang di-makatarungan o imoral na mga batas. Hinihimok natin ang mga sumasali sa “civil disobedience” na isagawa ito nang walang karahasan at may paggalang sa dignidad at halaga ng lahat ng mga nasasangkot. Nananawagan din tayo sa lahat ng mga ahensya ng gobyerno, lalo na ang kapulisan at mga institusyon na ang tungkulin ay pangalagaan ang kapakanan at kaligtasan ng madla, na magbigay ng kinakailangang pagsasanay at maging mapagtimpi nang sa gayun ay mapangalagaan ang mga batayang karapatan at maiwasan ang pisikal na pananakit sa mga kasali sa civil disobedience.

C. Katarungang Nagpapanumbalik

Pinahalalagahan ng Mabuting Balita ang panunumbalik ng wastong ugnayan (Mateo 18:15–20). Kapag ang relasyon ay nilabag o sinira sa pamamagitan ng krimen o maling gawa, ang pagpapanumbalik nito ay lubhang mahalaga. Dahil dito ay hinihimok natin ang mga pamahalaan na magkaroon ng mga sistemang nagbibigay importansya sa mapagpanumbalik na katarungan, na nagdidikta sa mga taong nagkasala na pagsisihan ang kanilang nagawa at nagbibigay pahintulot sa mga biktima, kung nanaisin nila, na ibahagi sa mga may-kagagawan kung paano sila naperwisyo. Ang mapagpanumbalik na katarungan ay nagnanais na bigyang halaga ang biktima at pamilya ng huli. Hinahanap nito na makumpuni ang nasira, maiwasto ang mali, ang magdala ng pagpapagaling sa mga biktima, sa may-sala, mga pamilya, at ang pamayanan.

Hinihimok natin ang mga kongregasyon, pamahalaan, at negosyo na suportahan ang mga programang nagbibigay pagkakataon sa mga nakagawa ng krimen na makatanggap ng pagpapayo (o counseling), edukasyon, mga pagpapalago ng mga kasanayan, serbisyo sa komunidad, at iba pang tulong na magbibigay daan upang sila ay maging mamamayang lubos na nakikibahagi sa lipunan. Hinihikeyat natin ang mga mamamayan na makipagtulungan sa mga alagad ng batas sa mga lokal na pamahalaan sa paglikha ng mga alternatiba sa mga kasanayang nagbibigay diin sa pagbabayad-perwisyo kaysa pagpapanumbalik.

D. Parusang Kamatayan

Ang ating pangako sa angking dangal ng bawat nilalang at ang ating paninindigan bilang mga Nagkakaisang Metodista mula pa sa simula ay nag-aatas sa atin na tutulan ang

parusang kamatayan. Ang parusang kamatayan ay ipinapataw ng korte sa isang indibiduwal na napatunayang nagkasala.

Nakalulungkot na pinalalala pa ng parusang kamatayan ang pagkawala ng isang buhay dahil ang pagkitil sa buhay ay sadya. Dagdag pa dito, madalas na ang napapatawan ng parusang kamatayan ay mga taong namumuhay sa gitna ng kahirapan, yaong mga hindi nakapag-aral, mga taong nabubuhay sa gilid-gilid ng lipunan dahil sa kanilang lahi o kaya ay sa mga komunidad na etniko, at mga taong may kapansanan sa pag-iisip. Gayundin, ipinapakita ng mga makabagong teknolohiya na maraming tao na napatawan ng kamatayan ay natatagpuang walang pagkakasala sa mga krimeng iniatang sa kanila. Ang mga kaso ng kawalan ng katarungan na tulad nito ay nagbibigay sa atin ng dahilan upang magduda kung ang parusang kamatayan nga ba ay naipapataw nang patas at kung ang mga ito ay naaayon sa mga batayang karapatan at pantay na pagtrato sa ilalim ng batas. Dahil dito, ipinanawagan natin ang pagbibigay-wakas sa parusang kamatayan at hinihimok natin ang mga indibiduwal at mga kongregasyon na pag-aralan ang matagal nang paninindigan ng Ang Nagkakaisang Iglesia Metodista at ang mga sinundan nitong mga institusyon, lalo na ang The Evangelical United Brethren Church.

Gayundin ay pinakikiusapan natin ang mga pastor at mga kongregasyon na italaga nila ang kanilang sarili sa paglilingkod sa mga taong nawalan ng mga mahal sa buhay bunga ng mararahas na krimen at suportahan ang mga pamilyang ito nang walang pasubali sa kanilang paglalakbay sa paghahanap ng katarungan, kaawaan, at lunas.

E. Katarungang Pang-Kriminal

Walang kapagurang nangampanya si John Wesley upang uminam ang kondisyon para sa mga bilanggo. Minsan, sa loob ng siyam na buwan, nangaral siya sa iba't ibang kulungan nang 67 na beses. Nanangis siya sa nakitang kalunos-lunos na kondisyon na tinitii ng mga bilanggo sa araw-araw. Dahil pinanghahawakan natin ang pamanang ito, pinaninindigan natin ang pag-iral ng batas, ang paggagarantiya ng ating mga kalayaan at karapatang sibil, at pantay na access sa katarungan para sa lahat ng tao. Tinututulan natin ang di-pantay na pagpapatupad ng batas o kaya ay pang-aabuso ng kapangyarihan sa dahilang ukol sa tribu, etniko, katutubong salita, bansang pinanggalingan, kahirapan, kasarian, oryentasyong sekswal, kapansanan o kalagayan bilang mamamayan. Sinusuportahan natin ang sistematikong pagbabantay sa di-pantay na pagtrato sa loob ng sistemang katarungang pangkriminal. Panig tayo na mabigyan ng mahusay na representasyon sa korte ang mga taong naakusahan o napatawan na ng parusa dahil sa diumano'y ginawang krimen.

Naniniwala tayo na dapat managot ang mga nagkasala sa kanilang ginawa, lalo na yaong nagresulta sa pagkawala ng buhay o ikinabubuhay, kaya ating pinapanigan ang mga hakbang na hahadlang, pipigil o tuluyang pupuksa sa mga krimen at maghihiwalay sa mga mapanganib na kriminal. Bagama't mapilit tayo tungkol sa pananagutan, tapat tayo sa ating paniniwala na dapat ay mayroong parehas at kapantay lamang na pagpaparusa at sa makataong pagtrato sa mga nakakulong. Matatag nating sinusuportahan ang mga programa sa mga kulungan na naglalayong itaguyod ang rehabilitasyon at pagpapanumbalik sa dati ng mga nakakulong. Hindi tayo naniniwalang ang mga kulungan ay dapat gawing negosyong pinagkakakitaan.

Sa ating mga komunidad, sinusuportahan natin ang mga hakbang na naglalayong tugunan ang mga pinakaugat ng krimen, kabilang na ang kahirapan at ang kakulangan sa mga oportunidad mag-aral, mga gawaing panglibangan, pagpapagamot sa mga nalulong sa bisyo ng alak, droga at iba pa at counseling, mga serbisyong tumutugon sa kalusugan ng kaisipan, at pagsasanay upang magkatrabaho. Isinusulong natin ang mga inisyatiba na nagtataguyod ng mga positibong interaksyon sa pagitan ng mga alagad ng batas at mga kasapi ng mga lokal na komunidad. Gayundin ay itinutulak natin ang mga pagtatangka na muling yakapin ng mga komunidad ang mga taong napalaya na mula sa bilangguan palapit sa kanila, pati na ang pagbubukas sa kanila ng mga pagkakataong makapagtrabaho muli, pagpapanumbalik

ng karapatan nilang bumoto at, kung saan man nararapat, ang pagpapanatiling nakatago ang mga criminal record nila.

Hinihimok natin ang mga simbahan na manatili sa ministeryo na nagsisilbi sa mga nakabilanggo at nagtataguyod sa kanila at mga reporma sa sistema ng hustisya. Bilang mga taong pinatawad na, dapat labanan ng mga Kristiyano ang “stigma” na kadalasan ay nakadikit na sa mga taong nanggaling sa bilangguan. Ikinapupuri natin ang pakikilahok ng maraming Nagkakaisang Metodista sa mga prison ministry na umiinog sa pagsamba, edukasyon at rehabilitasyon.

F. Digmaan at Serbisyon Militar

Kinasusuklaman ng simbahan ang giyera at lahat ng porma ng marahas na paglalaban-laban at pagpupunyagi natin ang mapayapang pagkakasundo ng lahat ng dinagkakasundong mga bansa. Nananabik tayo sa pagdating ng araw kung kailan wala nang giyera at ang mga tao ay magkasamang namumuhay nang may katahimikan at katarungan. Tutol tayo sa paggamit ng giyera bilang instrumento ng patakarang panlabas (o foreign policy) at iginigiit natin na ang bawat mapayapa at diplomatikong paraan ay kailangang subukan upang kinisin ang anumang gusot bago pa man magsimula ang armadong labanan. Gayundin ay tutol tayo sa dumadalas na paggamit ng “preventive strikes” maliban na lamang kung malinaw na mapapatunayan na ang aksyong ito ay nasa nauukol na antas, hindi magreresulta sa di-kailangang pagkamatay ng mga tao at isinagawa bilang tugon sa mga malinaw at kagyat na banta sa buhay ng mga tao. Nagdadalamhati tayo dahil sa mundong maraming mga tao ang nabubuhay sa kahirapan, patuloy ang mga gobyerno sa paggamit ng mga kayamanan sa paghahanda sa at pagsasagawa ng mga giyera. Lubha tayong nababalisa sa pagdami ng mga sandatang nukleyar at tayo’y nanawagan hindi lamang sa pagpapatigil ng produksyon ng mga ito kundi ang tuluyang pagpuksa at pagkawala nila.

Simula pa noong kapanahunan ni Hesus ay nilabanan na ng mga Kristiyano ang giyera. Ilan sa mga Kristiyano ay nagsasabing hindi kailanman naging katanggap-tanggap ang giyera, samantalang naninindigan ang ilang mananampalataya na kung minsan ay kailangang humawak ng armas upang ipagtanggol ang sarili o ipagtanggol ang mga inosenteng tao at pigilan ang karahasan, pang-aalipin at paglipol ng mga lahi.

Hinihimok natin ang lahat ng mga Nagkakaisang Metodista na suriin ang kanilang sariling mga budhi at konsiyensiya at magpunyaging hanapin ang patnubay ng Diyos pagdating sa upang serbisyo-militar. Ikinararangal natin at inaalok natin ang ating suporta sa mga taong pinili ang serbisyon-militar bilang kanilang propesyon dahil sa kanilang personal na paniniwala at ayon sa udyok na maisagawa ang kanilang tungkulin nang naaayon sa mga paninindigan ng paniniwalang Kristiyano at nakabatay sa mga pinagkasunduang batas na nakasaad sa Geneva Conventions.

Binibigyan din natin ng karangalan at suporta ang mga “pacifist” na nagtataglay ng konsiyensiya at paniniwalang relihiyon na pumipigil sa kanilang pumasok sa serbisyo-militar o naghuhusto na lamang sa paglilingkod sa mga posisyon hindi nangangailangan ng pakikipaglaban. Ang mga ugat ng mga ganitong prinsipyo o paniniwala ay may matatag na pundasyon sa mga paninindigan ng Ang Nagkakaisang Iglesia Metodista na ating makikita sa kasaysayan. Tinututulan natin ang sapilitang pagserserbisyo sa militar at hinihimok natin ang mga gobyerno na itigil na ang ganitong gawain at, imbes, ay bigyan ng karapatang mamili ang mga tao na hindi sa militar magsisilbi kundi sa pamayanan na lamang o sa iba pang malikhaing paraan.

Bilang isang simbahan, nangangako tayo na susuportahan natin ang lahat sa kanilang nadesisyunang paraan upang maging huwarang ehemplo ni Hesus, na tutol sa karahasan. Ang simbahan ay sumusuporta at nagbibigay ng patnubay sa mga nagseserbisyo sa militar; sa mga tumututol sa giyera dahil sa kanilang pananampalataya (o conscientious objectors); sa mga beterano ng giyera na nabubuhay nang may kapansanang pisikal, sikolohikal, ispiritual, at moral; at mga pamilya ng mga taong apektado ng serbisyo-militar. Hinihimok natin ang

simbahan na alagaan sila at isulong ang isang sistemang makatarungan para sa lahat ng taong naapektuhan ng giyera, at isulong ang katahimikan at isang pagbabago sa mundo at lokal na lugar nang walang karahasan.

MGA BATAYANG KARAPATAN AT KALAYAAN

Ipinapahayag natin na ang lahat ng mga indibiduwal, ano man ang kanilang kalagayan at katayuan sa buhay, ay may mga batayang karapatan at kalayaan bilang tao. Ang mga karapatang ito ay nakaangkla sa mapagmahal na paglikha ng Panginoon sa atin (Gen. 1:27), at ipinapakita nang buo ang mga ito sa pagkakatawang-tao ng banal na pag-ibig sa pamamagitan ni Hesu-Kristo. Bilang isang simbahan, buong tapat nating papangalagaan ang mga karapatan at kalayaan ng ito sa loob ng simbahan at babaguhin ang mga istruktura ng lipunan upang matiyak na ang bawat tao ay uunlad sa buhay.

Tulad ng nakasulat sa Universal Declaration of Human Rights at iba pang mahahalagang tratado at kasunduan sa pagitan ng mga bansa, kabilang sa mga batayang karapatan at kalayaan, ay ang karapatang mabuhay, maging malaya, at ligtas, gayundin ang pantay na pagtrato sa harap ng batas at kalayaan mula sa di-makatarungang pagkakakulong. Kabilang sa mga dagdag na kalayaan ang magkaroon ng karapatang magkaroon ng pantay na pagdinig, privacy, pagtitipon sa isang pampublikong lugar, malayang makapagpahayag, demokrasya, pagkain at tirahan. Gayundin ay may karapatan ang mga manggagawa na sumali sa samasamang pagdulog (o collective bargaining) sa mga may-ari ng pinagtatrabahoan nila na makatanggap ng karampatang sahod, at magtrabaho sa isang ligtas at malusog na kapaligiran.

Kaakibat ng mga karapatan ay mga responsibilidad. Hinihimok natin ang mga indibiduwal, mga kongregasyon, at iba pang grupong simbahan na buong sipag na isulong hindi lamang ang kanilang sariling karapatan kundi ang mga karapatan din ng mga taong walang tinig o may tinig man ay hindi naman naririnig ng lipunan. Igit natin na ang paggarantiya ng mga karapatang pantao at mga kalayaan ay responsibilidad ng mga gobyerno; kabilang sa mga responsibilidad na ito ay tiyakin na ang lahat ay may pagkakataong magkaroon ng edukasyong kaya ng bulsa at may kalidad, kahit ano pa man ang kanilang edad, kasarian, grupong etniko, katayuan sa buhay o anumang nakakapaghiwa-hiwalay sa mga tao.

Kinokondena natin ang lahat ng mga gawaing naglalayong itanggi sa mga indibiduwal ang kanilang mga batayang karapatan at kalayaan o kaya ay mag-alis sa kanila ng kanilang tanging dignidad at banal na halaga. Kung ganuon, nilalabanan natin sa loob man ng simbahan maging sa mas malawak na lipunan ang anumang gawi ng diskriminasyon, pagkasuklam o karahasan laban sa mga indibiduwal o mga grupo dahil lamang sa pinanggalingang bansa, pinanggalingang tribu, etniko, edad, pagkilala sa sariling kasarian, kapansanan, kundisyong pangkabuhatan, oryentasyong sekswal, relihiyong kinasasaniban o iba pang dahilan. Dagdag dito, sa harap ng katotohanang may mga kasalanan na naitala sa kasaysayan laban sa mga katutubo, inaliping mga mamamayang Africano, at iba pang grupong nawalay sa lipunan, nananawagan tayo ng isang matapat na pangungumpisal at pagsisisi gayundin ang mga malinaw at kongkretong mga paggawa tungo sa pagwawasto bilang kabayaran sa mga nakalipas at kasalukuyang porma ng kawalan ng katarungang panlipunan.

A. Pangangalagang Pangkalusugan

Pinagtitiyag natin na ang pangangalaga sa kalusugan ay isang batayang karapatang pantao at sumusumpag tayo na magsisikap tayong palawigin pa ang “access” sa lahat ng uri ng pangagamot na medikal, kabilang na ang pangangalaga upang makaiwas sa sakit, mapagaling ito o kaya ay mabigyan ng kapanatagan ang mga malalala na. Kulang sa pangangalaga sa kalusugan ang kalahati ng populasyon ng mundo, at dumadami pa ang bilang ng mga tao na may access nga ngunit binubuno naman sa tumataas na gastos ng medisina para sa kanilang sarili at kanilang mga mahal sa buhay, na nagtutulak sa kanila patungo sa kahirapan. Upang maresolbahan natin ang masasakit na reyalidad na ito,

hinihimok natin ang mga Nagkakaisang Metodista na sumali sa pagsisikap na makalikha ng mga sistema na magbibigay ng kumprehensibong proteksyon sa kalusugan ng lahat ng mga mamamayan. Dagdag dito ay naniniwala tayo na ang bawat isa ay may karapatan sa isang disenteng kondisyon ng pamumuhay, kabilang na ang sapat na pagkain at tubig, ligtas na tahanan, at isang malusog na kapaligiran.

Ang pangangalaga sa kalusugan bilang isang karapatang pantao ay nangangahulugan din ng abot-kamay sa isyu ng distansya at presyo, at de-kalidad na mga klinika, ospital, serbisyong medikal, at panggagamot. Kailangan ang mga ito ay maaaring matakbuhan ano mang oras o saan man may pangangailangan at dapat na naibibigay nang walang kinikilingan. Nananawagan tayo sa mga gobyerno, mga negosyo, mga simbahan, at mga institusyong sibil na kumilos nang may pagtutulungan upang matiyak na ang bawat tao ay makaabot ng mga serbisyong medikal at panggagamot.

Dagdag dito, nanawagan tayo sa mga pambansang pamahalaan at mga internasyonal na organisasyong pangkalusugan gayundin ang mga grupong medikal na magsanib sa kanilang pagsusumikap na matugunan ang mga pang-mundong isyu ng kalusugan tulad ng HIV/AIDS, pati na ang mga pananalasa ng mga nakahahawang sakit na nagbabanta sa kalusugan at kagalingan ng mga bansa at mga rehiyon ng mundo. Bilang isang simbahan, sinusupportahan natin ang mga isinasagawa at mga inisyatiba tungo sa pagpapahusay ng kalusugan ng mga tao, kabilang na ang mga investment upang makaiwas sa mga sakit, magkaroon ng tamang nutrisyon, patuloy na pagsasaliksik ukol sa paggamot at pagpigil sa mga nakakahawang sakit, pangangalaga sa mga ina at mga sanggol bago at matapos silang mapanganak, at paggamot sa substance abuse kung kailanman ito kinakailangan. Pinapupurihan natin ang mga simbahan na sumasali sa mga ministryong nangangalaga ng kalusugan ng mga tao sa mga pamayanan.

B. Mga Bata at Kabataan

Nanawagan tayo sa simbahan at lipunan na sumuporta at magsulong para sa kagalingan ng lahat ng mga bata at kabataan at para sa kanilang kaligtasan, pangangalaga, edukasyon, at partisipasyon sa simbahan at buhay ng pamayanan. Kinokondena natin ang mga mapanirang gawain tulad ng kawalan ng atensyon sa kanila, pang-aabuso, pagdukot, eksplotasyon, human trafficking, paggamit sa mga bata sa armadong pakikibaka, at pagkakakulong. Alam na natin na ang mga nang-aabuso at naglalagay sa kanila sa panganib ay karaniwang may mga kapangyarihan. Dapat silang managot sa kanilang ginagawa, maging sila man ay mga magulang, kamag-anak, pastor o pari, o lider ng simbahan o may hinahawakang posisyong may kapangyarihan sa gobyerno man o lipunan. Tinatawagan natin ang simbahan na matibay na manindigan laban sa pagpapakulong sa mga bata, at tinutuligsa natin ang mga patakaran na nagtatanggal sa mga batayang karapatan ng mga kabataan o nag-eengganyo ng diskriminasyon batay sa pagkilala sa kasarian, pagiging katutubo, mga abilidad o kawalan nito, katayuang pang-ekonomiko, oryentasyong sekswal, pagiging dayuhan, relihiyon o paniniwala o pinanggalingang bansa. Gayundin, hinihimok natin ang mga awtoridad at mga nasa kapangyarihan na suportahan at isali ang mga kabataan sa paggawa ng mga desisyon at sa pagbibigay ng kanilang talento sa lahat ng antas ng simbahan at lipunan.

C. Nakatatanda at Mga Nagkakaedad

Marami pang maihahandog ang mga matatanda. Nananawagan tayo sa simbahan, mga pamahalaan, at mga grupong sibiko na bigyan sila ng mga oportunidad na maging bahagi pa rin ng kabuuang pamilya ng mga mamamayan at magbahagi sa gawain ng Diyos sa daigdig. Maging ang mga matatanda ay may karapatan na makatanggap ng suporta at pangangalaga mula sa mga panganib ng pagtanda, na ating makikita sa di-pantay na trato sa pangkabuhayang usapin, sa mga di-makatarungang gawain ukol sa isyu ng mana, di-sapat

na pampublikong pangangalaga sa kalusugan, at sistematikong pamimili batay sa kasarian, pagiging katutubo, mga abilidad o kawalan nito, at mga kondisyong pangkabuhayan.

Hinihimok natin ang simbahan, mga pamahalaan, at sibilyang lipunan na mag-isip at magtalaga ng mga panglipunang patakaran at mga programa na maghahatid ng mga pangangailangan at mga karapatan ng mga tao sa kanilang pagtanda. Sinusuportahan natin ang mga patakarang panglipunan na nagsasali sa mga nakatatanda sa buhay ng komunidad at naggagarantiya ng mga pangangailangan nila para sa kanilang kagalingan, kabilang na ang mga oportunidad upang makapasok sa trabaho nang hindi nakararanas ng diskriminasyon, mga oportunidad sa edukasyon at serbisyo, abot-kamay na pangangalagang medikal at pagpapabahay, proteksyon mula sa pang-aabusong pangkabuhayan at sikolohikal, at pangangalaga ng gobyerno sa mga matatanda na may mataas na kalidad. Pinagtitibay natin ang kakayahan ng mga matatanda na magdesisyon kung nais nilang mabuhay sa kanilang sariling pagsisikap o tumira sa loob ng isang pamilya o institusyon, at tinututulan natin ang pagsira sa kalidad ng kanilang buhay sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga gamot na hindi naman kailangan o kaya ay pagpigil sa kanila na sumali sa gawaing panglipunan.

D. Kababaihan at Mga Batang Babae

Ipinagtitibay natin na ang talentong maihahandog ng kababaihan at mga batang babae ay lubhang kailangan sa sangnilikha ng Diyos at importanteng kontribusyon sa simbahan at maging sa lipunan. Sinusuportahan natin ang pantay na oportunidad para mga babae at mga batang babae, maging ano pa man ang kanilang bansang pinanggalingan, kulay ng balat, pagiging katutubo, oryentasyong sekswal, relihiyon o paniniwala, pisikal na abilidad o iba pang katangian.

Upang matiyak na mapapapasakanila ang mga karapatang ito, nananawagan tayo sa simbahan, mga pamahalaan, at mga institusyong sibika na magsagawa ng mas pantay na mga istruktura at mga patakaran at kilalanin ang kahalagahan, katalinuhan at mga pangangailangan ng mga babae. Lahat ng mga babae ay may karapatan sa pantay na oportunidad sa edukasyon, pangangalaga sa kanilang katawan, hustisya sa isyu ng panganganak, mga karapatan at responsibilidad ng mga magulang, pagkakaroon ng trabaho, at pantay na pagsweldo at oportunidad sa pagtaas sa posisyon.

Ipinagtitibay natin ang karangalan at kahalagahan ng lahat ng kababaihan at mga batang babae at hinihimok natin ang simbahan, mga pamahalaan, at mga grupong sibika na pangalagaan ang kanilang potensyal upang mamuno at paramihin pa ang oportunidad na ipakita ang kanilang pagiging lider sa lahat ng aspeto ng simbahan at buhay-lipunan. Nakikiusap tayo sa mga ito na tiyakin na mapapangalagaan ang kanilang karapatan na mabuhay nang malaya mula sa inaasahan mula sa kanila (o gendered expectations) dahil sila ay babae dahilang upang mapigil ang kanilang pag-unlad bilang tao at malayo din mula sa harassment, diskriminasyon, karahasan, pang-aabuso sa bahay man o sa lugar na pinagtatrabahuhan, human trafficking, at iba pang uri ng karahasan sa lahat ng oras at lugar dahil sa kanilang pagiging babae. Sa pinakamatapang na paraan, nananawagan tayo sa simbahan at lahat ng mga ahensya ng gobyerno at lipunang sibil na magpasa ng mga patakaran na maghihimok at magpoprotekta sa estado at papel ng kababaihan at mga batang babae sa lahat ng aspeto ng buhay nang sa gayon ay mapaunlad nila ang kanilang buhay at makapaghandog sila ng kanilang kakayanan sa kagalingan sa lipunan.

E. Kalalakihan at Mga Batang Lalaki

Ipinagtitibay natin na ang kalalakihan at mga batang lalaki ay may mahalagang maibabahagi sa simbahan at lipunan. Nakikiisa tayo na magkaroon ng pantay na pagkakataon ang lahat ng mga miyembro ng kalalakihan at mga batang lalaki ano pa man ang kanilang pinanggalingang bansa, kulay ng balat, pagiging katutubo, oryentasyong sekswal, relihiyon o paniniwala, pisikal na abilidad o iba pang katangian.

Upang tiyak na mapangalagaan ang mga karapatan, oportunidad, at pangangalagang nabanggit, hinihimok natin ang simbahan, mga pamahalaan, ang mga institusyong sibika na gumawa ng mga pantay na istruktura at patakaran na magtitiyak na ang dignidad at kahalagahan ng lahat ng kalalakihan at mga batang lalaki ay kinikilala at pinagtitibay. Nananawagan din tayo na mapangalagaan ang mga karapatan nila sa usaping edukasyon, empleyo, sweldo at pagtaas sa pwesto, ang mga karapatan at mga responsibilidad bilang mga magulang.

Ipinagtitibay natin ang mga karapatan ng kalalakihan at mga batang lalaki na mamuhay nang walang harassment, karahasan, diskrimnasyon, pang-aabuso sa tahanan at lugar ng trabaho, human trafficking, at inaasahang magagawa dahil sa kanilang kasarian sapagkat ito ay nakapipigil upang lubusan nilang maabot ang pag-unlad bilang tao. Iniengganyo natin na magkaroon ng pagkakataon na maipakita nila ang kanilang potensyal na mamuno na dapat alagaan, nang sa gayon ay umunlad ang kanilang mga talent at maihandog ito sa lipunan tungo sa kagalingan nito.

F. Katutubo, Taal, at Sinaunang Tao at Pamayanan

Sinusuportahan natin ang mga karapatan ng mga pamayanang katutubo, natibo at aboriginal at ipinagtitibay din natin na, tulad ng lahat, dapat silang mapagkalooban ng mga batayang karapatan na naaayon sa Universal Declaration of Human Rights. Kinokondena natin ang maramihang pagpatay ng isang lahi (o genocide) laban sa mga katutubo at nananawagan tayo sa pamahalaan na kilalanin, igalang at ipatupad ang napagtitibay na mga kasunduan sa pagitan ng gobyerno at mga katutubo.

Nakikibahagi tayo sa mga indigenous peoples at mga tribu sa kanilang paggiit sa pamahalaan na karapatan nila ang kilalanin ang kanilang soberanya at dapat itong pagtibayin ng gobyerno at mga korte. Sinusuportahan natin ang mga gawain nila na may intensyong buhayin at palawigin ang kanilang mga lenggwage at kultura sa gitna ng mga pwersang patuloy na humihigop sa kanila tungo sa kalakaran ng mas malawak na lipunan. Kinikilala natin na ang mga mamamayang katutubo, natibo, at aboriginal na may karapatang magkaroon ng kontrol sa kanilang kalupaan, katubigan at iba pang kayamanan, at tinututulan natin ang anumang gawaing naglalayong pwersahang agawin ang mga ito sa kanila.

G. Migrante, Mga Nag-ibang-Bayan, at Nanganganlong o 'Refugee'

Kinikilala natin na ang mga migrante, dayuhan, tumatakas sa kani-kanilang bansa dahil sa iba't ibang kadahilanan ay may dangal, halaga, at mga karapatan, kabilang na sa kanila ang mga napilitang umalis sa kanilang lugar at mga naalisan ng pagiging mamamayan sa kanilang bansa. Dahil dito, tinatanggap natin na ang mundo ngayon ay nahaharap sa isang matinding krisis ukol sa maramihang pag-alis at paglipat sa kani-kanilang mga lugar na kinalakihan dahil sa pagsiklab ng armadong labanan at iba pang karahasan, pakikialam ng ibang bansa, malawakang taggutom, global warming at climate change, at ang pagkabigo ng mga namamahala sa estado o bansa na mapangalagaan at maaruga ang kanilang mga mamamayan.

Kinikilala natin ang mga nalipat na mamamayan ay partikular na mahina dahil ang alanganin nilang kalagayan ay hindi sa kanila nagbibigay ng proteksyon at benepisyo kaya sila ay bukas sa eksploytasyon, karahasan, at pang-aabuso. Hinihimok natin ang mga Nagkakaisang Metodista na tanggapin ang mga migrante, dayuhan, at takas, sa kani-kanilang kongregasyon at mangakong magbibigay ng kongkretong tulong, kabilang na ang paggiya sa kanila upang maintindihan ang mahigpit, at kadalasa'y masalimuot at mahahabang patakaran ng imigrasyon o kaya'y pangingibang bayan, gayundin ang tulong upang magkaroon ng makakain, matitirahan, edukasyon, trabaho, at iba pang uri ng ayuda.

Tutol tayo sa lahat ng mga batas at patakaran na nagtatakdang gawing kriminal, lapastangin ang katauhan ng isang tao, at parusahan ang mga tao at pamilyang na-displace dahil sa kanilang kalagayan bilang mga migrante, dayuhan, at takas. Dagdag

dito, kinokondena natin ang mga tangkang ikulong ang mga evacuees at ilagay sila sa kundisyong hindi makatao at hindi malinis. Hinahamon natin ang mga patakarang nagnanais paghiwalayin ang mga pamilya, lalo na ang mga magulang at kanilang mga menor de edad na anak, at tinututulan natin ang pagkakaroon ng mga detention centers na itinayo para kumita sa ganitong pangyayari.

H. Mga Taong May Kapansanan

Ipinagtitibay natin ang kabuuan ng pagkatao at kinikilala natin ang mga handog ng mga taong nabubuhay na may kapansanan. Nananawagan tayong alisin ang lahat ng sagka na pumipigil sa mga may-kapansanan upang sila ay tuluyang makalahok sa buhay ng mga lokal na kongregasyon at ng mas malawak na lipunan. Bagama't walang iisang termino ang may pangkalahatang pagtanggap sa loob ng ating koneksyon sa buong mundo, ang "people with disabilities" o mga "taong may kapansanan" ay tumutukoy sa malawak na grupo ng mga tao na namumuhay na may mga tanging cognitive, pisikal, developmental, sensory, neurolohikal, intelektwal, at sikolohikal na kondisyon o hamon.

Ikinalulungkot natin na ang simbahan ay madalas na nakakadungis ng karangalan at naghihiwalay sa mga taong may kapansanan sa pamamagitan ng pagbibigay ng katawagan na may negatibong konotasyon, sa pamamagitan ng hindi pagbibigay ng lugar sa buhay-simbahan sa lahat ng uri ng mga tao, at sa pamamagitan ng pagbibigay ng pakahulugan sa mga salitang "bulag," "pilay," at "bingi" sa nakasisirang paraan. Dahil dito, ang mga taong may kapansanan ay madalas na bale-walain o hindi gaanong pahalagahan sa simbahan man o sa lipunan. Bilang tugon, nananawagan tayo sa simbahan na magsagawa ng pagsisisi, ng matiim na pakikinig, at ng tulong-tulong na pagmiministeryo sa mga taong may kapansanan upang sila ay makapagbahagi ng kanilang karunungan at handog sa misyon at ministeryo ng mga lokal na kongregasyon at iba pang grupo ng simbahan.

Gayundin ay nananawagan tayo sa mga lider ng mga grupong sibilyan, negosyo, at gobyerno na kumilos upang alisin ang lahat ng sagabal sa mga may-kapansanan at magbigay ng oportunidad sa kanila upang sila ay makapagbahagi ng kanilang natatanging kontribusyon sa kabuuan ng lipunan. Nananawagan tayong pangalagaan ang mga karapatan ng mga taong may kapansanan, kabilang na ang karapatan na mapangalagaan ang kanilang kalusugan, karapatan sa trabaho, edukasyon, pabahay, transportasyon, at ang malayo sa diskriminasyon.

I. Oryentasyong Sekswal at Pagkilala Ayon sa Kasarian

Dahil ang lahat ng tao ay may sagradong halaga at ilang batayang karapatang pantao ay itinakda sa bawat isa, tayo ay matatag sa pagsuporta sa pantay na mga karapatan, kalayaan, at pangangalaga sa lahat ng tao, maging ano man ang kanilang oryentasyong sekswal o pagkilala sa kasarian. Nakikita natin ang malilina na mga isyu ng pagkakapantay-pantay at katarungan sa pagprotekta sa makatwirang pag-angkin ng mga taong may naibahaging yaman, pensyon, relasyon bilang taga-bantay, mutual na powers of attorney, at iba pang legal na maaangkin na madalas na nangyayari sa isang relasyong batay sa kontrata na ang nasasangkot ay pinagsamang kontribusyon, mga responsibilidad at pananagutan, at pantay na proteksyon sa ilalim ng batas. Dagdag dito, sa dahilang sa iba't ibang bansa ay hindi pantay-pantay ang epekto ng mga sekswal at gender minority ng social stigmas, diskriminasyon, pamumwersa, at karahasan, nananawagan tayo sa mga simbahan, pamahalaan, at organisasyong sibil na gawin ang magagawa nila sa abot ng kanilang makakaya upang labanan ang di-makatarungang pagtratong nabanggit at isulong ang pantay-pantay na karapatan at pangangalaga sa lahat.

J. Minorya Dahil sa Relihiyon

Ipinagtitibay natin ang mga karapatan ng mga minorya dahil sa relihiyon na sumamba nang payapa at isagawa ang kanilang pananampalataya nang walang pagkatakot sa diskriminasyon o prosekusyon. Tinututulan natin ang mga gawain ng sinumang mga

indibidwal, grupo o organisasyon na kutyain o maliitin ang mga taong nabibilang sa ibang pananampalataya. Bilang mga Kristiyano, itinuturing natin ang ganitong mga pag-uugali at gawi na taliwas sa kautusan ni Hesus na mahalin natin ang ating kapwa.

Hinihimok natin ang mga pamahalaan, mga negosyo, mga simbahan, at iba pang mga institusyon sa lipunang sibilyan na magkaisa sa pagkilos upang mapangalagaan ang mga karapatan ng lahat ng mga taong relihiyoso. Tinututulan natin ang anumang uri ng diskriminasyon at kakitiran ng pag-iisip pagdating sa mga minorya dahil sa relihiyon, kabilang na dito ang mga batas na nagbabawal sa mga damit na itinatakda ng kanilang relihiyon gayundin ang mga simbolo, at mga kapahayagan mula sa mga opisyal ng pamahalaan na nagbubuyo upang maging intolerante, pagkasuklam, at karahasan. Nananawagan tayo ng responsableng pamamahayag at pagrereport tungkol sa relihiyon at kinokondena natin ang pagpapakalat ng mga stereotype at kasinungalingan tungkol sa mga minorya dahil sa relihiyon.

Ipinagtitibay natin ang karapatan ng lahat ng mga relihiyoso na maisagawa ang kanilang pananampalataya, malaya mula sa mga di-makatwiran at di-kinakailangang pagbabawal na ligal, pulitikal, at pinansyal. Gayundin ay itinataguyod natin ang karapatan ng mga indibiduwal na mamili ng kanilang pananampalataya, at itinatakwil natin mga pagtatangkang utusan ang mga tao na tanggapin ang isang paniniwala o kaya ay ipilit ito o manipulahin sila sa pagsali o panatilihin sila bilang bahagi ng isang tradisyong relihiyoso kung sila ay nagdesisyon nang tumiwalag dito. Ang paniniwalang pang-relihiyon ng isang tao ay hindi kailanman dapat gamitin upang alisin sa kanya ang kanyang batayang karapatang pantao.



CHURCH & SOCIETY

The United Methodist Church

Living **FAITH** Seeking **JUSTICE** Pursuing **PEACE**

Mga Panglipunang Prinsipyo ng Nagkakaisang Iglesya Metodista na
pinagtibay ng 2024 General Conference na ginanap sa Charlotte